


KASAKDALAN

 Salamat, Kapatid na Neville. Magandang umaga, mga kaibigan. Masaya ako na makaparito sa umagang ito, at ganoon din ang masasabi ko sa ating kapatid na lalaki rito. Nangako ako sa kanya na pupunta ako sa pagsasahimpapawid, at akin—akin namang napalampas ito nung isang linggo at nung isang linggo naman na sumunod nakalimutan ko. Kaya naisip ko na sa ikatlong pagkakataon kailangan na—na siguradong, makaka punta talaga ako.

² Hayan nga't naparoon ako, nang mag-iisang minuto na lang, isang minuto na lang. At tamang-tamang nasa labas noon si Kapatid na Snyder, kaya nagmadali kaming pumasok, at—at sumalang na sa pagsasahimpapawid. At sa tingin ko pinakaba namin sila, ganoon na nga, noong pumasok kami nang ganoon, na kaunting oras na lang. Kaya . . .

³ At heto po ako, naparito, nakapagbulay ng teksto na aking ipangangaral, alam n'yo. At kadalasan ako, inaabot ako ng isa't kalahating oras. At pagsampa ko naman dito'y halos labing-lima, labing-anim na minuto na ang nasimulan, at pagkatapos pagtingin ko roon, haya't sinasabi ng orasan na uwian na. Kaya itutuloy na lang natin sa susunod na Sabado, o kung kailan. Sige po.

⁴ Nung nakaraang Linggo, nasa ika-10 kabanata po tayo ng Mga Hebreo, at naumpisahan na natin ang unang talata, at di tayo umusad dun.

⁵ Huwag n'yong kalilimutan ang mga gawain sa Indianapolis sa sanglinggong ito. Kung mayroon po sa inyo, o kung may mga kaibigan po kayo sa dakong 'yun, sige po't, sulatan n'yo sila't sabihin sa kanila. Magsisimula ang mga gawain bukas ng gabi ng alas siyete, sa Cadle Tabernacle sa Indianapolis. At napaka rami po ng maupuuan, halos labing-isang libong katao ang—ang makakaupo roon. At maliit na pagtitipon ito, maliit na—na organisasyon po. Hindi ko po alam kung anong pangalan nung organisasyon. Sila'y magdaraos ng—ng tuluy-tuloy na gawain dun, o pagtitipon.

⁶ At sa pagtitipon na ito ay hiniling nila sa akin na maging tagapagsalita sa gabi. Kaya ito pong . . . Sa palagay ko po 'yung mismong grupo, 'yung iglesya, 'yung organisasyon ay may iila't kaunting, kaunting miyembro lang. At kaya . . . At ganoon na nga, na sa gabi, ako ang—ang magsasalita sa pagtitipon gabi-gabi, Lunes hanggang Biyernes. Biyernes ng gabi ang tapos ng gawain. Kaya, kung may mga kaibigan kayo sa Indianapolis, sige po, imbitahan n'yo sila.

⁷ At sa ika-dalawampu't tatlo, sa umaga ng ika-dalawampu't tatlo, kung mayroon dito na bumibiyahe sa dakong ito, na nasa bakasyon po kayo; dahil buwan ng bakasyon, kadalasan, ang Hunyo. Minneapolis, ang Christian Business Men International ay magdadaos ng malakihang gawain sa Minneapolis. At ang gawain na bukas para sa lahat ay sa ika-dalawampu't tatlo, ang agahan. Ang umagang agahan ay sa ika-dalawampu't tatlo ng Hunyo. Ako po ang inaasahang magsasalita sa umaga ng agahan, pasisimulan ang gawain.

⁸ Pagkatapos, sa ika-dalawampu't apat, nasa Minneapolis pa rin ako n'yan, at ako'y pupunta sa Heart's Harbor Tabernacle, kina Reverend Gordon Peterson. At may programa sila roon na ipalalabas nila sa telebisyon. Kaya kung kayo—kayo po'y nasa malapit lang, haya't, sumaglit lang kayo.

⁹ Tapos sa ika-dalawampu't apat, o ika-dalawampu't lima, ang ibig kong sabihin, magsisimula na ang malakihang gawain, at magpupunta kami roon. At medyo kakaiba ang programang ito. Si G. Roberts, G. Hicks, ako, at marami pang mga ministro, ang paroroon. At walang nakalinyang programa. Ang Christian Business Men, yamang sila ay Full Gospel Christian Business Men, gusto nilang hayaang bukas lang ang programa, para sa anumang sabihin ng Espiritu Santo na gawin; na ipagagawa sa aming lahat doon. At mangyaring di pa sila nagkakaroon ng gaya nun dati, at di sila nag-anunsyo ng sinumang magsasalita. Ang tanging salita—pagsasalita na inanunsyo ay—ay 'yun pong umaga ng ika-dalawampu't tatlo. Ako ang naatasang magsalita sa agahan, at inanunsyo 'yun. Yung sa iba pang bahagi, kaming lahat ay mananatili lang dun, maghihintay sa Espiritu Santo. Di po ba't napaka inam nun, di po ba? Yun bang maipapasakop nating lahat ang ating mga sarili sa Espiritu Santo, hayan nga, at hayaan Siya na gamitin tayo sa pamamaraan na Kanyang—Kanyang nais paggamitan sa atin. Ngayon . . .

¹⁰ At pagkatapos ang kasunod nang gawain na naka-iskedyul, na alam ko, ay 'yung kalugud-lugod na Azusa Street Rally. Ito po'y . . . Sa ika-labinglima na ito ng Septiyembre. Ako po ang magbubukas ng gawain para sa pang-internasyunal na gawain ng Azusa Street; limampung taon ng pentecostes sa Estados Unidos. Sila'y limampung taon na, sa darating na Septiyembre, noong ang Espiritu Santo ay unang bumaba sa Azusa Street Mission. Dating . . . Sa pagkakaalam ko dating pagmimisyon na Baptist ito, o dito sa Azusa Street sa Los Angeles, California, unang bumaba ang Espiritu Santo, limampung taon na ang nakararaan, sa darating na Septiyembre.

¹¹ At nung nasa Cow Palace po ako, mga dalawang taon na ang nakararaan, nabanggit ko dun . . . Buweno, ang limampu, ang ibig sabihin ng salitang *pentecostes* ay “limampu,” kaya bakit di tayo magdaos ng malakihang gawain. At, alam n'yo, ito'y sumiklab, at kaya idadaos nila ang malakihang gawain na ito

na pang-internasyunal. At gaganapin ito sa Angeles Temple. At bago ang araw na 'yun, ako po'y lilibot sa iba't ibang lugar. Oh, doon sa East Gate at . . . o sa South Gate ang ibig kong sabihin, at didiretso sa—sa lungsod ng . . . Oh, sa ilan sa mga lungsod dun, limang iba't ibang lungsod, ako po'y maglilibot nang kaunti, tig-iisang gawain sa gabi, pagkatapos didiretso na ako sa—sa malakihang gawain na 'yun.

¹² At kung nasa California kayo n'yan, o taga-roon, ang ilan sa inyo ay taga-California, alalahanin n'yo po 'yun. Kami nga'y nag-aasam ng dakilang panahon ng pagbubuklod ng mga tao ng Diyos sa panahon na 'yan.

Ngayon manalangin tayo.

¹³ Makalangit naming Ama, pinasasalamatang Ka namin, sa umagang ito, para sa dakila't, maluwalhating pribilehiyo na nakamit namin sa pagdulog namin sa Iyong Presensya, na may nagagalak na mga puso't pasasalamat, dahil si Jesus Cristo na Anak ng Diyos ay nagpahintulot sa amin na magawa ang bagay na ito. At ang biyaya Niya ay dinala kami sa oras na ito. At kami nga'y nagagalak na maparito sa araw na ito.

¹⁴ Ikinagagalak namin ang dakong ito na makapagtipon kami. Isa po itong bukas na dako, bukas na Biblia, at bukas na puso, para tanggapin ang Salita ng Diyos at ang Kanyang Mensahe. At idinadalangin namin na ang Espiritu Santo ay dadako rito at pupunuin ang bawat siwang ng aming puso, ng Kanyang kabutihan, habang binabasa namin ang Kanyang Salita. Dahil nasusulat na, "Ang tao ay di lamang nabubuhay sa tinapay, bagkus sa bawat Salita na nanggagaling sa bibig ng Diyos." Kaya, Oh Diyos, mabuksan nawa ang aming mga bibig ngayon, na anupa't Ikaw ang makapangusap, at ganoon din ang aming mga puso, na mabuksan para Espiritu Santo ang mapakinggan. Ang lahat ng ito'y hinihiling namin sa Pangalan ni Jesus, na Iyong Anak. Amen.

¹⁵ Nung nakaraang Linggo, sa Aklat ng Mga Hebreo, tayo'y nagsimula sa ika-10 kabanata, at tapos lumundag tayo sa ibang paksa, nang di nalalaman kung saan tayo pangungunahan ng Espiritu Santo na—na mula roon ay magturo tayo, nang walang paunang pagpaplano, sadyang hinihintay lamang ang Kanyang pagkilos. Tayo nga'y tumalakay tungkol sa paunang kaisipan, mula roon.

¹⁶ Haya't, siyanga po pala, ako nga'y natutuwa na makita si Kapatid na babaing Hooper na nakaupo riyan, sa umagang ito. Kapatid na babaing Flo, ikinatutuwa ko na makita ka. Marami sa inyo ang marahil di pa nakakakilala sa kanya, mga ilan sa inyo. At siya nga'y may tuberkulosis noon nang maraming-maraming taon, at naratay siya sa higaan, at kung saan-saang bahagi na siya ng bansa lumibot-libot, sinisikap na makatamo ng kagalingan. At, ngayon, ikinagagalak natin na naparito siya

ngayon na nakaupo sa tabernakulo, na kay inam ng kalagayan, ngayon. Salamat sa Diyos!

¹⁷ Ngayon, ang nagsulat ng Sulat na ito para sa mga Hebreo ay ipanagpapalagay na si Pablo, dahil mukha talagang sulat niya ito. At ang Sulat na ito para sa mga Hebreo ay para sa mga Judio, mga Hebreo. At dito nga'y sinisikap ni Pablo na paghiwalayin ang kautusan sa biyaya, ipinapakita ang—ang pinagkaiba sa pagitan ng kung ano ang kautusan, at kung ano ang biyaya, dahil ang mga Hebreo noon ay nasa ilalim ng kautusan. At dito nga'y ipinapakita sa kanila ni Pablo kung ano nga ba ang biyaya. At iniisip ko, mismo, na itong ika-10 kabanata rito, at unang talata, ang ganap na susi para sa buong kabuoan nito.

¹⁸ Ngayon heto po ang unang kabanata, na ganito ang simula. “Ang Diyos, sa sinaunang panahon, sa iba't ibang paraan ay nagsalita sa mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, pero sa huling araw na ito ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus.”

¹⁹ Sumapit sa ika-7 kabanata, ang paglitaw ni “Melquisedec.”

²⁰ Tumugaygay tayo sa ika-9 na kabanata, na pumapatungkol sa “pagkasaserdote,” kung papaanong si Cristo ay naging Dakilang Saserdote natin, na humalili sa puwesto ng lumang mataas na saserdote.

²¹ Pagkatapos dinala natin sa ika-10 kabanata, nasumpungan natin, “Ang kautusan na isang anino ng mabubuting bagay na darating.”

²² Dumako tayo sa ika-11 kabanata, at ito'y pumapatungkol sa—sa mga kamangha-manghang anino ng pananampalataya, ito pong mga bayani ng pananampalataya, kung papaanong dahil “sa pananampalataya” ay kanilang nagawa ang *ganito-at-ganoong* bagay. At kung papaanong, “Bukod sa atin ay di sila magiging sakdal, dahil sila ang anino ng bagay na ito na parating.” At pagkatapos dumako tayo sa ika-11 kabanata, at si Pablo . . .

²³ O, dito sa ika-12 kabanata, si Pablo rito'y nagsasalita, “Yamang nakukubkob tayo ng makapal na bilang ng mga saksi, itabi natin nang walang liwag ang bawat pasan, at ang pagkakasalang pumipigil sa atin, na ating takbuhin nang may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin.”

²⁴ Ang ika-13 kabanata, ang pagtatapos na kabanata, sabi, nagtapos sa ganito, doon sa papatapos na, na si Jesus Cristo ay sa lahat-lahat, na, “Siya ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Kita n'yo? Ipinapakitang si Cristo 'yun bago ang kautusan, si Cristo 'yun na nasa kautusan, si Cristo 'yun sa mga araw ng biyaya, at si Cristo pa rin magpakailanman. “Si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Isang tunay na napaka gandang larawan na ipinipinta sa atin ng Sulat na ito para sa mga Hebreo.

²⁵ Ngayon, simula muli sa unang talata, balikan natin. Nung nakaraang Linggo, tutugaygay sana tayo sa paksa tungkol sa *Kasakdalan*, pero idinako tayo ng Diyos at tumugaygay tayo sa *paunang kaalaman*, ipinapakita sa atin diyan na bago pa man mabuo ang mundo. . . Ilan ang narito nung nakaraang Linggo? Patingin po ng kamay n'yo. Nakuha n'yo po ba 'yun? Bago pa man mabuo ang mundo, tayo ay inilagay na kay Cristo. Isipin n'yo 'yun.

²⁶ Ang Diyos, sa pagiging walang katapusan, Na di maaaring magsinungaling, di maaaring magsalita ng anumang bagay na salungat, nalalamang ang lahat ng mga bagay, sadyang sakdal sa pasimula kung papaanong Siya ay sakdal sa katapusan, at sadyang sakdal sa katapusan kung papaanong Siya ay sakdal sa pasimula. Ang Diyos ay walang katapusan, gaya ng Walang Hanggan. Hindi mo makikita ang sulok ng isang perpektong bilog. Maaari mo ngang tugaygayin nang tugaygayin sa haba ng kapanahunan, at Walang Hanggan, at kahit kailan ay hinding, hinding, hindi mo masusumpungan ang katapusan. At ganun ang Diyos. At noong sa pasimula ay Siya, haya't. . . Ang Diyos, kung papaanong siya pa rin noon, na Siya ay walang katapusan, sakdal, sa simula't sapul, at Siya'y mananatiling siya pa rin. Hinding-hindi Siya magbabago. Siya ay ganap na siya pa rin.

²⁷ Ngayon itong dakilang bilog ng kasakdalan ay pinatid ng espasyo ng panahon. Pumasok ang oras, dahil sa kasalanan. Gumuhit po tayo rito ng larawan ng oras. Tingnan natin itong perpektong bilog, na magpakailanman, magpakailanman. At pagkatapos, bigla na lang, pumasok ang kasalanan, at naglagay ng isang—isang munting. . . Gaya ng tawag dito ng maybahay ko, isang maliit na “punit,” o munting kasiraan sa bilog. Kaya, dumating na rito ngayon. Nagtuluy-tuloy pa rin ang Walang Hanggan, pero wala na sa sakdal nitong kalagayan. Heto nga ang isang maliit na biyak dito, nakalas sa bahagi *rito*, napunta sa gawi *rito*. Ipinangyari 'yun ng Diyos dahil pinabunsod 'yun ni Satanas. At lumaylay nga sa espasyo ng panahon, para sa panunubok, at pagpapasakdal, at matinding paglilinis sa mga nawala. Na, ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang biyayang makapangyarihan, ay maibalik sa ayos ang maliit na punit na 'yun, o biyak, pabalik sa perpektong bilog, na pagkatapos ay makagugulong na siya uli gaya ng dati. Nakikita n'yo?

²⁸ Oras! Ngayon, ang oras ay ang maliit na umbok dito; itong nakaumbok. Si Jesus ay nagbuhat mula sa Walang Hanggan sa Walang Hanggan, pero humakbang Siya sa espasyo ng panahon at nagsalaman, at pumarito upang maglinis, o maglagay ng pahid ng Dugo sa buong lugar, para tubusin ito at idugtong uli ito pabalik sa Diyos, nang mapasa Walang Hanggan. Nakikita n'yo? Ganoon nga ang oras.

²⁹ Pagkatapos, ang Diyos, nung magpasimula ito rito, sa dulo ng maliit na putol sa perpektong bilog na ito, na nagbunsod ng

maliit na putol dito. Noong magpasimula rito ang Diyos, Siya nga'y ganap. Lahat ng sinabi Niya ay ganap. Lahat ng ginawa Niya, ipangyari, ay ganap.

³⁰ Kaya, naman, sinabi ng Biblia, na, “Si Cristo Jesus ang Cordero na pinaslang mula,” sa pasimula ng maliit na putol na 'yun, “sa pasimula ng mundo.” Si Cristo ay pinaslang doon sa simula. Ngayon, Siya nga'y hindi naman aktuwal na pinaslang hanggang sa susunod na apat na libong taon pagkatapos. Pero, ang dahilan at Siya ay pinaslang dun sa pasimula, ay dahil, “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos.” Nakikita mo ba, Kapatid na Egan, ang ibig kong sabihin? Kita n'yo? Siya ay Diyos, sa simula. At nung. . .

³¹ Ngayon, si Satanas. . . di siya—di siya ang may likha ng maliit na umbok dito, itong maliit na punit. Hindi siya ang may likha nun. Wala kasing kakayahan si Satanas na lumikha. Ang magagawa lang niya ay ang baluktutin ang bagay na nilikha ng Diyos.

³² Masdan, sinasabi ko po ito nang sa gayon maunawaan n'yo. Ito po ay pag-aaral para sa mga nakatatanda, at lahat halos tayo rito ay may asawa na, siguro'y nobenta porsiyento. At ako nga'y umaasa na ang mga kabataang babae at kabataang lalaki ay maunawaan ang tinig nila, itong aking. . . Maunawaan n'yo ako, itong sinisikap kong ipaliwanag dito.

³³ Kung ang isang lalaki ay kukuha para sa kanyang sarili ng mapapangasawa, isang babae, at ang naturang babaing ito ay magiging asawa niya, at mamumuhay sila bilang mag-asawang lalaki't babae nang limampung taon; sila'y sadyang mananatili na malinis at dalisay at di nadungisan na mistula bang di nila nakilala ang isa't isa. Yan, 'yan ang programa ng Diyos. Pero kung ang isang lalaki o babae ay aalis at mamumuhay kasama ang ibang lalaki o babae, 'yun ang pamamaluktot, na ang bata na kanilang isisilang ay magiging ilehitimo. Pero kung sila ay mamumuhay nang magkasama sa ganap na paglalalaking na 'yun, 'yun ang pamamaraan ng Diyos. Pero sadyang si Satanas nga'y dumarating at naglalagay ng pagnanasang-laman sa lalaki o sa babae, at namumuhay tuloy sila na salungat sa kanilang panatunang ikasal, at 'yun ang pamamaluktot. Yun at 'yun din ang siya ring pagsasamang may pagniniig, kaso nabaluktot lang.

³⁴ Kaya 'yan nga ang ginagawa ni Satanas sa wastong bagay ng Diyos, kanya itong binabaluktot. Yan na 'yan ang ginagawa ni Satanas ngayon sa tunay, na kadalisan. Pakinggan n'yo. Maging itong tunay na Mensahe ng Diyos, binabaluktot niya Ito, may ginagawang iba mula rito, ginagawa Itong magmukha na isang bagay na hindi naman ito.

³⁵ Sa mundo ngayon, masusumpungan natin ang tao, paunang sinabi na ito ng Biblia, na may tatlong uri ng tao.

36 Ang isa sa mga ito ay malamig, matigas, pormal, na walang alab, na basta na lang magpupunta't, walang pinagkaiba sa kanila ang pagpunta na parang nakikisapi lang sa kapisanan. Nagpupunta naman sila ng iglesia, pag-uusapan nang kaunti ang tungkol sa *ganito*, *ganoon*, at ang tungkol sa Panginoon, at kung ano pa, babalik, pero walang aktuwal na karanasan na maipanganak muli. Oh, may ilan sa kanila ang nag-aangkin na mayron daw sila nito, pero pinatutunayan naman ng kanilang buhay na wala. Ngayon, 'yun nga ang isang panig, na talagang malayong-malayo.

37 At ngayon, dito naman sa kabilang panig, narito ang mga panatiko, at ang totooang, tunay na iglesia, na sinabi mismo ni Jesus na, "Magiging magkalapit na magkalapit, na madadaya kung maaari ang pinaka hirang."

38 Ngayon, maraming tao, kapag nakita nila na ang pagiging panatiko ay humahalo dun sa tunay, "Ah," sinasabi nila, "wala Itong kabuluhan," parang ganoon. Kita n'yo, 'yun na 'yun ang ginawa ng mga Fariseo. Si Satanas, ay di siya mag-aaksaya ng panahon na magsikap na baluktutin 'yun. Ang sinisikap kasi niyang baluktutin ay itong Katotohanan. At itong panatiko rito ay sinusubukan namang gayahin ang Katotohanan na ito. Kita n'yo? Hayan nga ang guhit ng panganib na nakapagitna, mismo rian.

39 Ngayon, nararapat nga sa atin na manatiling espirituwal, magbasa ng Salita. At anumang bagay na sumulpot, na labas, salungat sa Salita, ay hayan nga't itakwil n'yo. Yan ang dahilan kung bakit, napaka raming beses, na ako'y . . .

40 Sinasabi nila na napaka higpit ko raw sa mga mangangaral na babae. Sinasabi naman ng Biblia na huwag silang magsalita sa simbahan. Di sila pinahihintulutan ng Biblia na magsalita sa iba't ibang wika, o anuman, sa simbahan. Kinakailangan kong manatili sa Salita, bantayan kung nasaan Ito, tumuon Rito.

41 Sa mundo ngayon, kung saan nagsusulputan ang mga ismo na ito, bantayan n'yo, itong lahat ng mga kulto ng di pagkain ng karne. At ang mga legalista, na, "Kinakailangan kong gawin ang *ganito-at-ganoon*. Kung hindi ako magsalita sa iba't ibang wika, kung di ko *ito* gawin, kung di ako makasigaw, kung di ako makasayaw, may kung ano bang mali sa akin." Pagiging legalista 'yan.

42 "Naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya." Hindi sa anupamang bagay na ginawa mo; ito'y dahil sa mga ginawa Niya. Ginawa Niya ang bagay na di mo kayang gawin. Kung magagawa mo kasing ilitas ang iyong sarili, kung ganoon ay di na Niya kailangang mamatay sana. Pero Siya'y namatay, nang sa gayon mailigtas ka, haya't di mo kasi kayang ilitas ang iyong sarili.

43 Yung lumang kasabihan na 'yun na inaalisan ang Diyos ng kapurihan, ang sabi, "Tinutulungan ng Diyos ang mga walang kakayahan na tulungan ang sarili nila. . ." O, "Tinutulungan ng Diyos ang mga tinutulungan nila ang sarili nila," 'yun ang sinasabi-sabi nila. Pero kabaligtaran ito. Kung kaya mo kasing tulungan ang iyong sarili, aasahan ng Diyos na 'yun talaga ang gagawin mo. Ang tinutulungan talaga ng Diyos ay 'yung mga walang kakayahan na tulungan ang sarili nila. At di mo nga kayang tulungan ang iyong sarili, na maligtas, kaya ang Diyos, sa pamamagitan ng biyaya, ay niligtas ka.

44 Ngayon, pansinin kung gaanong kaganda. Ang kautusan, dakila sa Walang Hanggan, kung papaanong paunang nakita na ng Diyos ang umbok na ito. At mangyaring Siya ay walang katapusan, at di kailanman—di kailanman maaaring maging kung ano pang iba. Hayaan n'yong tugaygayin ko ito, nang mga limang minuto, para patimuhin ito, nang maigi, maipako nang husto, para hindi ito mawaglit sa inyong isip sa uulitin. Nawa'y bumaba ang Espiritu Santo ngayon at hinangin ito na maglakip nang may pag-ibig, nang sa gayon di n'yo ito iwan kahit kailan.

45 Ngayon masdan. Ang Diyos, Na kailanma'y hindi maaaring magsinungaling; ang Diyos, Na walang katapusan. At sinasabi ko uli ito sa mga tao na para bang di nila magawang ilagak ang kanilang sarili sa Makalangit na kagalingan. Kung ipinangako 'yun ng Diyos, ay siguradong iingatan ng Diyos ang pangako Niyang 'yun. Di maaaring pabayaang.

46 Ngayon masdan. Bago Niya ilagay ang inilimbag na Salita na ito, at, *Ito* nga ang kaisipan ng Diyos. Heto nga Ito. Ito ang kaisipan ng Diyos, na Kanyang inisip, bago pa mailatag ang patibayan ng mundo. Ito nga. Yan ang dahilan kung bakit nailagay Niya Ito sa inilimbag na Salita, at sinasabi kung ano ba ang mangyayari, dahil Kanya nang nakita Ito bago pa man maitatag ang mundo, at sadyang nalalaman kung ano ba Ito, at binigkas Ito.

47 At pagkatapos Kanyang ipinasa ang Kanyang kaalaman sa mga propeta, at kanilang isinulat Ito. At taon bawat taon, siglo bawat siglo, nakikita natin Ito na nagaganap talaga nang sakto. Ang Diyos, ibinibigay ang mga anino sa Luma, para paunang ipakita ang Bago. At nakikita natin Ito, Salita bawat Salita, na nagaganap. Grabeng pananampalataya na dapat ay mailagak natin sa Diyos!

48 Ngayon masdan n'yo Siya, "Si Cristo na pinaslang bago pa man itatag ang mundo."

49 Noong tumunghay ang Diyos at makita ang tanging bagay na makapagliligtas sa taong nawala, ang sabi Niya. . . Di ko po alam kung ito nga ang mga salita na 'yun, pero parang ganito po 'yun. "Hindi maaaring iligtas ang tao, dahil magkakasala't magkakasala siya. Pero sa pagtunghay Ko dun ay haya't nakita

ko ang makasampung libong matatapat na puso na nagnanais makalapit. Nakikita Ko ang libo-libong tao na may pagnanais na maligtas, at di nagnanais na dumaa't dumanas sa kalunus-lunos na pagkalipol na ito na ipapataw Ko sa diyablo at sa kanyang mga anghel, dahil sila'y dadaan at dadaan sa walang katapusang kaparusahan. At makikita 'yan ng mga taong tapat ang puso. At Ako'y—Ako'y magkakaroon ng isang lalaki na nagnangalang Esau na ipanganganak; may isa rin, na Jacob. At si Jacob ay di mabuti, sa una, pero sa puso niya ay iniibig niya ang mga bagay ng Diyos, kaya pipiliin ko si Jacob.”

⁵⁰ Kanyang nakita kayo at nalalaman Niya na nagnanais kayo na maligtas. Kaya nagwika Siya, “Ang tanging bagay na Aking magagawa ay bumaba roon, Mismo, at magkaroon ng Anak na ipanganganak, o katawang-laman, at maging tulad nila.” Ang lunas ay ang Diyos Mismo'y mapaging sa pagkakasala, nang sa gayon Kanyang mabayaran ang halaga. Dahil, kinakailangan ang pinaka mataas na bagay, para hanguin ang tao mula sa kalagayan nito ng pagkawala.

⁵¹ At, tingnan n'yo, Siya'y mataas sa bawat Anghel, bawat Arkanghel. Ang pinaka mataas kahit kailan, hayang bumaba rito sa lupa, at namuhay kasama ang mga tao. At nagtungo sa pinaka mababang bayan sa buong mundo, ang Jerico. At tunay na nagpakababa, na sa huli'y ang pinaka maliit na lalaki sa bayan na 'yun ay tiningnan Siya pababa; ni Zaqueo. At, tapos nun, namatay para sa mga kasalanan ng tao. Iniluwal sa daan ng sabsaban, dukha. Ang pinaka mayaman . . . Oh, umaasa ako na nakukuha n'yo ito. Ang pinaka mayaman sa lahat ay naging pinaka mahirap.

⁵² Maging sa mabagyong gabi, sabi nga, “Ang mga ibon ay may pugad, at ang mga soro ay may lungga, samantalang Ako ay walang dako na mapaghiligan ng Aking ulo.” Ang pinaka mataas sa lahat ng Langit ng mga langit, ay naging pinaka mababa sa lahat ng pinaka mababa. Maging ang buhay hayop, ay masangat pa nga, sa Kanya, sa kaalwalan sa buhay.

⁵³ Hindi lang 'yun, haya't, ang Kanyang kamatayan, nagdusa Siya ng isang kamatayan na kahit sino'y hindi dumanas; kahit kailan, ang tao, ay hindi nagdusa nang ganoon na lamang na kapighatian na ang Kanyang Dugo't tubig ay naghiwalay bago ang Kanyang kamatayan.

⁵⁴ Pinaka mahirap; mula sa pinaka mayaman, naging pinaka mahirap. Mula sa pinaka pinagpala sa lahat, naging pinaka kalunus-lunos ang pagdurusa. At pagkatapos, maliban pa dun, nagpunta sa pinaka malalim na kalaliman ng pinaka malalim na impyerno, ipinasan ang ating pagkakasala. At kinuha ang dulo ng kuwertas, o dulo ng lubid, doon sa putol. Doon nga'y, iniangat 'yun sa pagkabuhay na mag-uli, at idinugtong 'yun sa kabilang

kaputol sa Walang Hanggan, at gumawa ng Daan ng kabanalan, na ang mga di malinis ay makalalapit at gagawing malinis na.

Sa pamamagitan ng isang Bukal na puno ng
Dugo,
Na mula sa mga ugat ni Immanuel tumutulo,
Mga makasalana'y lumulubog sa agos ng dugo,
Mga mantsa ng pagkakasala'y lahat naglalaho.

⁵⁵ Magpunta sa Daan. At may isang araw, Siya Na naroon na sa pasimula ng panahon, ay tatayo bilang matanda sa panahon, at hihilahin ang dakilang Ebanghelyong kurdon. At ang lahat ng mga nasa Daan, mula sa pasimula ng panahon, hanggang sa matanda sa panahon, hanggang sa kawakasan ng panahon, ay dadalhin paitaas; habang hihilain Niya ang oras na matapos sa pag-iral, patungo sa Walang Hanggan. Nakikita n'yo? Hayan nga Siya, "Ang tanging tunay na Makapangyarihan; ang Hari ng mga hari, at ang Panginoon ng mga panginoon."

⁵⁶ Papaano Niya ginawa 'yun? Paunang kaalaman. Alam na Niya. Tapos sinabi Niya, na, "Siya ang Corderong pinaslang." Hayan nga't, nung Siya na, pagkatapos ng apat na libong taon ito'y biglang lumitaw, umabot na sa takdang oras. Ipinanganak Siya, ginawa nila sa Kanya ang sinabi Niya na gagawin nila, at pagkatapos Siya'y ipinako at pinaslang. Pero, ang totoo nun, "Siya ay pinaslang na bago pa man magpasimula ang mundo," dahil pauna na Siyang nakita ng Diyos at sinabi nang 'yun ang mangyayari. At kapag sinalita mismo ng Diyos, kinakailangan nga na mangyari 'yun. Nakukuha n'yo ba? Oh, grabe! Pauna nang nakita ng Diyos si Cristo, at kinakailangan nga 'yun na maganap nang ganoon. Kaya tapos na ito noon pa man. Noong bigkasin ng Diyos ang Salita, tapos na. Yan ang dahilan kung bakit Siya'y aktuwal na paunang isinalarawan na, pinaslang, noong salitain ng Diyos ang Salita bago pa man ang mundo.

⁵⁷ Pansinin! Di lamang pinaslang si Cristo, para tanggalin ang pagkakasala, haya't ang pangalan n'yo ay nasusulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa man itatag ang mundo. Isinulat na ng Diyos ang inyong pangalan, na may pagkakaugnay sa Kanya, bago pa man itatag ang mundo.

⁵⁸ Ngayon, si Satanas, ginagawa niyang pangilagan nila ito, ginagawa niyang pag-alinlanganan nila ito?

⁵⁹ "Bago pa man magpasimula ang mundo, tinawag na ng Diyos ang inyong pangalan, kayo na mga Cristiano, at isinulat 'yun sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa man magpasimula ang mundo," 'yan ang sabi ng Biblia. Yan ang Salita ng Diyos, na Kanyang sinalita doon pa man, at inihayag sa Kanyang mga lingkod, na mga propeta, at tayo'y nagtatamasa ng biyaya ng kapahingahan, at naghihintay sa Pagparito ng Panginoon. Naghihintay, nang may pagtitiyaga. Tapos na ito. Oh!

⁶⁰ Hindi na nga nakapagtataka, na sakit man, panganib man, kamatayan man, walang kahit ano ang makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos na mga nakay Cristo! Dahil, sa pagtatag ng mundo . . . Inilagay Niya tayo sa dakilang lumang Daan, umakyat sa pahalang na bahaghari, umakyat sa taluktok ng pasimula ng panahon uli, hawak-hawak ang mga lubid na nasa Kanyang kamay. At may isang araw, sasabihin, “Kayo’y pumaitaas!” Tayong nangabubuhay at nangatitira hanggang sa Pagparito ng Panginoon, ay hindi tayo mangunguna sa mga nangamatay sa Daan, dahil tutunog ang trumpeta ng Diyos at ang mga nangamatay kay Cristo ay magsisibangon. At tayo’y aagawing paitaas na sama-sama, para katagpuin sila, habang ang bilog ay itinataas muli patungo sa walang katapusang ikot ng Walang Hanggan. At pagkatapos habang gumugulong ang mga kapanahunan, ang Kanyang mga papuri’y ating aawitin.

⁶¹ Ano itong ginagawa Niya? Doon sa kaitaasan, nagtatayo ng tahanan para sa atin. “Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan; kung di ganoon, ay sinabi ko sana sa inyo. At Ako’y pumarito, haya’t kayo’y ipaghahanda ko ng isa, ipaghahanda. At kung Ako’y paroroon, Ako’y babalik muli, para tanggapin kayo sa Aking Sarili.” Oh, grabe! At Siya’y naghahanda talaga ng tahanan.

⁶² Kapag ang mortal na kinalalagyan na ito, na narito sa lupa, ay . . . tayo’y hihiwalay mula rito, iwawaksi ito sa labas ng bilog ng Walang Hanggan. Ito’y mapapasalabas ng banging ito rito, na walang kahit sinong tao ang makatatawid, o nakatawid man noon, o tatawid. At kapag ang dugtungang ito rito sa ibaba, ay itinaas na sa kaputol na ’yun, ang tinatahak, na banal na Daan, na sinabi ng Diyos, sa pasimula, “di kailanman marurungisan; di kailanman masisira.” At kasalanan nga ang nagbunsod ng umbok na ito rito. Tapos kapag ang umbok na ito ay nilagyan na ng dugtong para magtuluy-tuloy, papunta rito para ilabas na ang mga kinatawan, at kapag hihilain na ito paitaas para maglakip, magdudugtong ang magkabilang dulo, ang Walang Hanggan ay gugulong na. Sila na mga tinubos ay lalakad dito. Nakukuha n’yo ba? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

Oh, ramdam ko nga’y makaaawit ako. Gustung-gusto kong awitin ang lumang awiting ’yun:

May marilag na tahanan sa kabilang ibayo ng
karagatan,
May tahananang malalaki na sa inyo at sa akin
pagpapalain!
Ang mga toreng kumikinang, araw . . . liwanag
ay hihigitan,
Ang mayamang tahananang makalangit balang
araw mapapasa’kin.

Kaya, tolda man sa ngayon o dampa, bakit ako
mababahala?
Sila sa dakong 'yun ay nagtatayo nitong aking
magiging palasyo!

Na sa rubi at brilyante, at pilak at ginto ang
yari,
Punung-puno ang Kanyang kaban, di malirip
bilangin Kanyang yaman.

Oh, biyayang kamangha-mangha! ako ay
naantig nang aking marinig,
Na ang tulad kong kapus-palad ligtas kahit di
karapat-dapat!
Ligaw man ako noon sa daan, subalit ngayon
ay nasumpungan,
Dating pinid ang mga mata, subalit ngayon
ay nakakakita. (Hindi sa anumang bagay na
nagawa ko.)

Biyaya ang nagturo na matakot yaring puso,
Sa biyaya rin panlulumo dagling naglaho;
Wala na ngang maitutumbas sa biyaya Niyang
ipinamalas
Nang mga oras ngang iyon pananampalataya
ko'y tuon!

⁶³ Ang malaman na hindi ito sa anumang bagay na magagawa ko, o gagawin, o sariling kaisipan man, o may pribilehiyo man na gawin. Ito'y sa bagay na ginawa Niya para sa akin. Bumaba Siya't tinubos ako, inilagay ako sa Daan; at tumayo sa kabilang dulo, para hilahin ang magkabilang dulo para magkadugtong, para pagulungin ang walang humpay na Walang Hanggan. Ako nga'y nagkaroon ng karapatan na lumakad sa Walang Hanggan na' yun dahil Siya'y namatay at, sa halip na ako, iwinaksi ang aking pagkakasala. Kamangha-mangha!

*. . . ang kautusan na may isang anino — isang anino ng
mabubuting bagay na darating . . .*

⁶⁴ Ano ba ang isang anino? Ang anino ay isang paunang pag-uukol ng isang bagay. Alam n'yo, maraming beses na sinisipi ng mga tao ang ika-23 Awit. "Oo, bagaman ako'y lumalakad sa madidilim na anino ng libis ng kamatayan." Mali po. Ang sabi sila'y . . . Doon, "Oo, bagaman ako'y lumalakad sa lilim," hindi madilim na anino. Dahil kung madilim, hindi magkakaroon ng anino. Kinakailangan ng partikular na porsiyento ng liwanag, para magpalabas ng anino.

⁶⁵ Kaya naman, ang kautusan ay naglaan ng sapat na liwanag para makita ang anino ng tunay na bagay na parating. Si Cristo ay kinatawan na roon sa kautusan, sa anino.

⁶⁶ Siya'y kinatawan dun, paunang ipinakita na, kay Joseph, sa ilalim ng kautusan. Si Joseph, bilang anino ni Cristo, inibig ng kanyang ama, dahil isa siyang espirituwal na lalaki. Siya'y nakakita ng mga pangitain, nakakapag paliwanag ng mga panaginip. Tunay na espirituwal, at kinamuhian ng kapatid niya. Tugmang-tugma, kay Cristo. Siya'y nakakita ng pangitain

patungkol sa ama, at siya'y espirituwal na lalaki. At napopoot sa kanya ang kanyang kapatid, nang walang kadahilanan. At siya nga'y ipinagpalagay na pinatay, may duguang damit na ibinalik at ipinakita sa harap ng ama.

⁶⁷ Oh, sobrang ganda! Oh, kung sisimulan ko pa 'yan, baka di na ako makadako sa aralin ko. Yung damit, ibinalik sa ama, duguan, na ipinapahiwatig na ang kanyang anak ay patay na; si Isaac. At ngayon, ang damit ng Panginoong Jesus, ang buhay Niyang banal at ang Dugo Niya na pinadanak para sa mga makasalanan, ay iniharap sa Diyos bilang bantayog ng alaala na ang halaga ay binayaran na. Nakikita n'yo?

⁶⁸ At siya'y ipinagbili sa halos tatlungpung pirasong pilak, tulad ni Cristo. Siya'y hinango mula sa bangin, sa hukay, kung saan siya itinapon. At si Cristo, ay ganun din, na hinango mula sa libingan. At iniupo sa kanan ng Faraon. Walang maaaring makalapit kay Faraon, maliban na lang sa pamamagitan ni Joseph. May proklamasyong itinakda, na, kung si Joseph ay darating, na sa pag-usad nila roon, ang mga kalalakihan sa unahan niya, mga tagatawag, sasabihin, "Ang lahat ng tuhod ay lumuhod! Parating na si Joseph."

⁶⁹ Ngayon, sinabi ng Biblia, na, "Bawat tuhod ay luluhod, at bawat dila ay maghahayag, sa Pangalan ng Panginoong Jesus."

⁷⁰ Magagawa niyang talian ang lingkod ni Faraon kailan man niya gustuhin. Nasa kanya ang lahat-lahat ng kapangyarihan at kapamahalaan ng Egipto sa kanyang mga kamay. At kapag ang karwahe ay gugulong sa lansangan; ang bawat isa, kapag narinig na ang sigaw, bawat Egipcio, kahit na kinamumuhian nila siya nang husto, sila'y nagsisiluhod kay Joseph.

⁷¹ Darating ang araw, makasalanang kaibigan, kahit na gaano mo pang bansagan Ito na "pagkapanatiko," kahit na gaano mo pang sabihin na mali Ito, kahit na gaano pa ang paghahangad mo na manlimahid at mamuhay sa sanlibutan, at kamuhian ang Iglesya at ang mga bagay ng Diyos, darating ang araw na ikaw ay luluhod at luluhod gustuhin mo man o hindi.

⁷² Pero haya't napaka maluwalhati nga 'yun para sa mga nagmamahal kay Joseph. Kanila ngang minamahal siya, sabi, "Oh, narito nang dumarating ang dakilang prinsipe, si Joseph." At nagsiluhod sila, at nagsisabi, "Oh, Joseph, iniligtas mo ang aming buhay. Mamamatay sana kami sa gutom, kung di . . ."

⁷³ Pero, 'yung iba, walang pagpapahalaga: "Ah, wala 'yan!" Walang utang na loob. May mga ganyan nga tayo sa mundo sa panahon ngayon. Di n'yo man lang napagtatanto na 'yang tinapay na kinakain n'yo, at 'yang hangin na nilalanghap n'yo mismo, ay galing sa Diyos. At ang mga tao roon ay kanilang sinamba siya.

⁷⁴ Dito di pa katagalan, nung si G. Baxter ay tagapangasiwa ko noon. Nung ang Hari ng Inglatera . . .nung naparoon kami

para bumisita. Nung lumabas 'yung reyna, kagalang-galang na binibini, nakasuot ng magarang balabal, nag-uuban ang buhok. At nakaupo ang hari, malubha ang sakit niya nung panahon na 'yun, hindi niya 'yun halos makayanan. May sakit siya sa tiyan at mayroon pa siyang multiple sclerosis. Ganoon nga nung bago siya maipanalangin. Haya't di niya maidiretso nang maigi ang katawan niya. Pero, mangyari pa ring, may dugong maharlika siya nananalaytay sa kanya, siya'y tumuwid at kung ano mang munting dibdib ang mayroon siya noon, kanya pong iniliyad, at siya'y nagprusisyon sa kalsada sa kanyang karwahe.

⁷⁵ Nakatayo nga roon si G. Baxter. At nung makadaan na ang hari, tiningnan ko ang kasama ko. Nanginginig ang mga labi niya, may luhang gumuguhit sa kanyang pisngi. Iniakbay niya ang malaking braso niya sa akin, sabi, "Kapatid na Branham!"

Sabi ko, "Ano 'yun, Kapatid na Baxter?"

Sabi niya, "Alam mo, isa akong—isa akong taga-Canada."

"Siyanga."

⁷⁶ Sabi niya, "Ang lalaki na pinaka puno ng bansa namin, ang hari, siya at ang kagalang-galang niyang nobya't asawa, sila'y dumaan. Yan ang dahilan bakit di ko mapigil ang emosyon ko. Kinakailangan ko lang ilabas talaga."

⁷⁷ Iniakbay ko ang braso ko sa kanya, sabi ko, "Kapatid na Baxter, bilang isang Cristiano, kasama mo, gaanong higit 'yun sa maluwalhatang araw na 'yun, kapag dumating na ang Hari kasama ang Kanyang Nobya!"

⁷⁸ Kung naiisip ng isang tao ang tulad nun sa pagkakakita pa lang sa isang hari sa lupa, na mortal din naman katulad natin, gaano ngang higit 'yun kapag ang nakita na natin ay ang Hari ng mga hari na darating sa Kaluwalhatian? Tunay na magiging napaka maluwalhatang panahon 'yun!

⁷⁹ Siya'y paunang ipinakita na kay Joseph. Siya'y paunang ipinakita na kay David. Paunang ipinakita na ng kautusan si Cristo. Si David. . . Si Cristo bilang Anak ni David. At hayan nga't. . . si Cristo ay naroon noon kay David, bilang anino, si David nga, noong siya'y alisin sa pagkakaluklok, tanggihan ng sarili niyang mga kababayan; di lang basta sariling kababayan, bagkus sarili pang dugo, si Absalom, at sarili niyang mga anak. Heto nga. Itinakwil nila ang sarili nilang ama, at sinisingil ang kanyang dugo, at pinaalis siya sa pagkakaluklok. At siya nga'y umakyat noon ng burol, sa bundok ng mga Olibo, nakatanaw, iniyakang mainam ang Jerusalem.

⁸⁰ Gaano ngang Siya, ang Diyos, ay paunang ipinakita na si Cristo kay David. Dahil nung Siya ay alisin sa pagkakaluklok, itakwil, at sarili pa Niyang mga kasamahan, sarili Niyang mga kababayan, na mga Judio, na sinisingil ang Kanyang Dugo. "Puksain ang Tao na ito!" Nagpunta Siya sa bundok ng Olibo

at tumanaw sa Jerusalem at nanaghoy nang mainam, sinasabi, “Jerusalem, Oh Jerusalem, magagawa Ko sanang tipunin kayo kagaya ng ginagawa ng isang inahin sa kanyang mga sisiw, pero di ninyo ninanais ito.”

⁸¹ Si Cristo ay pauna na ring ipinakita kay Melquisedec, dun sa pagkasaserdote, sa ika-9 na kabanata . . . sa ika-7 kabanata ng Mga Hebreo. Hayan si Melquisedec na . . . Paunang ipinakita na ni Abraham, doon mismo sa pinaka unang 'yun, ang lahat ng mabuting bagay na 'yun, na sadyang anino. At ganoon nga na si Melquisedec, sa ika-7 kabanata, ay mababasa natin Siya rito. Basahin po natin Ito pansumandali.

Sapagka't itong si Melquisedec, hari ng Salem, saserdote ng kataas-taasang Diyos, na sumalubong kay Abraham sa pagbabalik galing sa paglipol sa mga hari, at pinagpala siya;

⁸² Amen! Si Abraham! Si Lot, na pinsan niya, ay tumalikod. Nakikita n'yo ba ang tunay, totoong Espiritu ni Cristo? Umaasa akong nakukuha n'yo ito. Kahit gaano pang kalayo ang kanya ngang pinagtalikuran; nung siya'y nasabit sa isang suliranin, heto ngang pumaparoon si Abraham para sa kanya, may kasa-kasamang hukbo. Ang mga taga-ibang lupain na nakapalibot, sa mga libis ng Sodoma, lumusob dun at kinubkob ang Sodoma at ang hari nito. At dinala, kasama roon, kasamang nadala si Lot ng kaaway.

⁸³ At si Abraham, na tiyo niya, kadugo, mga anak ng kapatid. At siya'y tumanaw at nakita yaong kaaway na tinangay ang kanyang kadugo. Bumuo siya ng hukbo mula sa sarili niyang mga lingkod, nagpunta para kay Lot.

⁸⁴ Kinakatawan nun si Cristo. Nung makita Niya ang Iglesia ng buhay na Diyos na tinatangay na, sa kamalian ng diyablo, Siya ay nagbuo ng isang hukbo ng mga Anghel at nagpunta sa lupa, para tugisin ang diyablo, ginapi ito. Hallelujah! Ang kaaway ay nagkawatak-watak! Oh, tunay na iniibig natin Siya sa bagay na 'yan! Ginapi ang kaaway. At Kanyang pinatay ang mismong kaaway, at tinanggal mula rito ang lahat ng mayroon ito; iwinaksi ang kaaway.

⁸⁵ At ano ang pinaka unang bagay na kanilang ginawa, nung si Abraham ay nakabalik na't kasa-kasama si Lot, asawa nito, mga anak nito, at lahat ng ari-arian nito, nang matagumpay na naglalakad pabalik sa lumang bayang lupain muli? Siya nga'y sinalubong ni Melquisedec.

⁸⁶ Si Melquisedec ang hari ng Salem. Ang Salem ay Jerusalem. Noong ang mga Judio ay nakapasok sa Jerusalem, tinawag nila itong “J- . . . -u-salem,” Jerusalem. *Salem*, na ang ibig sabihin ay, “bayan ng kapayapaan.” Mangyaring Siya ang hari ng . . . Pakinggan n'yo po. Basahin natin ito.

Na siya namang...binahagian ni Abraham ng ikasampung bahagi ng lahat; na kung...sasaysayin una-una ay Hari ng katuwiran, . . .

87 Sino itong Hari na ito na sinalubong siya? Sa pagbabalik niya na nakamit ang tagumpay, dala ang pananagumpay, kung paanong ganito nga ang Iglesya ngayon, mula sa Kalbaryo.

. . . at saka . . . ang Hari ng Salem, na sa makatuwid, ay Hari ng kapayapaan;

Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi, walang pasimula ng mga araw, ni katapusan ng buhay man; . . .

88 Sino nga itong Hari ng Salem na ito? “Ang dakilang Hari ng Jerusalem,” hindi’yung dito sa lupa, ’yung sa Langit. Ang Jerusalem sa lupa ay tipo nung nasa Langit. “At heto nga ang Hari ng Salem, na unang-una ay Hari ng katuwiran, ang Hari ng kapayapaan; wala Siyang ama, wala ring ina; wala Siyang pasimula ng buhay, o katapusan man ng mga araw.” Oh, grabe! “Walang tandaan ng lahi.” Wala na ngang iba kundi si Cristo Mismo! Yan nga ang Siyang sasalubungin ng Iglesya sa kanilang pagpailanlang sa himpapawid.

89 At nung makatagpo Siya ni Abraham, kanyang ibinigay sa Kanya ang ikapu ng lahat ng kanyang pagmamay-ari.

90 Alam n’yo ba kung anong ginawa nila? Ang unang-unang bagay na ginawa nila ay maupo. Ako nga’y tunay na naaantig mismo ngayon. Naupo at pinagputol-putol ang tinapay, at uminom ng alak, at kumain ng komunyong, pagkatapos na ang pakikipagbaka ay tapos na.

91 At sinasabi sa ’tin ng Biblia, na ginawa ’yan ni Jesus Cristo, na tayo’y . . . “Huwag ninyong kanin ang bunga ng puno ng ubas, hanggang sa kanin Ko ito nang panibago kasama ninyo sa Kaharian ng Aking Ama.”

92 Na, sa panahong ang huling laban ay pinakipagbaka na, at ang katagumpayan ay natamo na, at ang mga napalayo noon ay ipinanumbalik na muli sa Kaharian ng Diyos, tayo’y mauupo sa Kaharian ng Diyos, at kasama natin ang ating Melquisedec, Na walang pasimula ng mga araw, o katapusan ng mga taon. Oh, grabe! Siya ang walang katapusang, Walang Hanggang Iyon, na tayo’y kakain ng komunyong uli kasama Siya.

93 Oh, grabeng napaka gandang larawan ng kahanga-hangang Lumang Tipan na ibinibigay sa mga mananampalataya ng Bagong Tipan. “Ang kautusan na may isang anino ng mga bagay na darating, at di . . .” Pakinggan n’yo. “Ang kautusan na may isang anino ng mabubuting bagay na darating, at hindi ang tunay na larawan ng mga bagay.” Isa’yung anino nung larawan.

94 Si David ay namuno sa mundo, sa ginintuang panahon na ’yun ng Israel. Ano siya? Isang anino. Yung pagkakaupo ni David

sa luklukan, na ang buong mundo ay nasa kanyang paa, anino ng ano 'yun? Anino 'yun ng isang Bagay, nakatalukbong sa Anak ni David, na Siyang Anak ng Diyos, na Si Melquisedec, “na pasimula ng mga araw at katapusan ng mga taon, ay wala Siyang ganito.” Ang anino, ng panahon ng Milenyum, na Siya'y uupo sa Luklukan ni David at pamumunuan ang lahat ng mga bansa.

“Ang anino ng mabubuting bagay.”

⁹⁵ Ano ito sa panahon ngayon? Tumitingin tayo at nakikita natin ang mga anino, mga lalaki't babae na nagsasabing sila ay mga Cristiano, at namumuhay naman katulad ng sanlibutan. Sabi nila, “Oh, kasapi ako sa iglesia. Ano namang dipirensya dun?” Anino 'yun ng manlililang, sa halamanan ng Eden, na nagkunwaring kay buti, na nagkunwaring may Liwanag, na nagkunwaring may karunungan, pero isang manlililang pala. At ganyan na ganyan ang ginagawa ng mga lalaki't babae sa panahon ngayon, na tumatawag sa Pangalan ni Jesus Cristo at di naman lumalayo mula sa kasalanan, paunang ipinapakita ang kaparusahan na tatanggapin nila kasama niya na siyang isang manlililang. Sinabi ni Jesus sa mga relihiyosong Fariseo, “Kayo'y sa ama n'yong diyablo.” Umaasa akong kuhang-kuha n'yo ito. Umaasa akong tatagos ito nang husto. Isang anino ng panlililang.

⁹⁶ Kung ganoon ano naman ang tunay, maharlika, sangdaang porsiyentong Cristiano na ipinanganak muli sa Espiritu ng Diyos, na ang pangalan nila ay nasusulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa man itatag ang mundo? Na . . . Ano pa man ang dumating, dumaan, anuman, sila'y nanghahawakang mainam sa kamay ng Diyos na di nagbabago. Ano 'yun na nasa kanilang puso na nagugutom sa isang bagay sa ibayong 'yun doon? “Sa kanila,” ang sabi ng Biblia, “na ito ang ginagawa, na hayagan nilang ipinahahayag sa kanilang patotoo, at kanilang buhay, na sila'y umaasa sa isang Bayang parating, na ang Nagtayo at ang Gumawa ay ang Diyos.”

⁹⁷ Ano 'yang gutom na 'yan sa inyong puso, sa umagang ito, na inaasam n'yong makatayo sa Presensya Niya? Ano 'yang gutom na 'yan sa inyong puso, sa umagang ito, 'yang pagnanais na makaabot ang buong-buong kalooban n'yo? Ang lahat-lahat na kaluluwa n'yo at buhay n'yo ay nagsusumamo para sa isang bagay, hanggang sa masabi n'yo, “Hindi ko alintana anuman ang dumating o dumaan.”

⁹⁸ Oh Diyos! May kung anong bagay sa inyo, na sa pagtingin n'yo sa sanlibutan, haya't may luhang tumutulo sa inyong puso. “Oh, kapatid na nawalay!” Oo't kapag nakikita n'yo ang mga kababaihan sa kanilang bagsak at, imoral na mga gawain. At nakikita ang mga kalalakihan na nagsisiinom, at naninigarilyo, at nagmumura, at nagsusugal; kahit nagsisipunta sa simbahan.

Ano 'yang nasa puso n'yo na humihibik, "Aking nawalay, na nalihis na kapatid"?

⁹⁹ May Bagay na nahipo kayo sa itaas *Dito*. Naidugtong kayo sa kabilang dulo ng linya. Nahipo n'yo ang—ang dugtungan, isang Daan, na idinugtong ang Walang Hanggan sa pasimula. Nung ang pangalan n'yo ay nailagay dun, at nakita sa dakilang katangian na ito, o sa katangian ng karunungan ng Diyos na tumunghay at nakitang kayo'y uwi't uwi nga sa Tahanan. At, sa kabila, ng pagkabalag sa inyo sa mga bagay sa sanlibutan dito sa ibaba, nagkaroon kayo ng kapanganakan. Nung ilawit ng Espiritu Santo ang dugtungang ito ng dugo, at kinawil ang inyong puso, nangusap Ito tungkol sa mas mabuting Lupain, at mas mabuting Lugar, at mas mabuting Bayan. Kaya naman, masasabi n'yo:

Ang sanlibutang ito'y di ko tahanan,
Ako sa dakong ito'y nakikiraan lamang;
Nakalatag nakaimpok ang aking kayaman,
Sa bughaw na ibayo sa dakong kalayuan.

¹⁰⁰ Kapag Diyos ang nagsalita. Anumang dumating, dumaan, anuman; ang puso n'yo ay talagang nakasentro pa rin. Isa 'yung anino, ang anino ay nasa harapan n'yo. Yun ang gumagawa ng anino. "Ang kautusan na may anino" ng bautismo ng Espiritu Santo. "Ang kautusan na may anino." Yan ang dahilan kung bakit sinabi Niya, sa Biblia, kinakailangan mong kuhanin at ipaghambing ang mga Kasulatan sa mga Kasulatan, at gawin ito na magtugma. At kung ang kalalabasan, ay may kasiraan ito, alalahanin n'yo, nawawala kayo n'yan sa pagkakalinya. Manatili kayo sa daan na 'yun, sa—sa pagkakalinyang 'yun ng Kasulatan.

¹⁰¹ Ngayon, "ang kautusan na may anino, ay di kailanman magsasakdal ng mananamba, di maaaring magpasakdal sa mga nagsisilapit. Sapagkat . . ." Pakinggan n'yo po, ika-2 kabanata. Hihimayin natin ito, sa susunod na limang minuto. Masdan.

Sa ibang paraan ay hindi kaya бага nagsipaglikat sila ng paghahandog? . . .

¹⁰² Kung ang dugo ng mga toro at mga kambing at mga tupa at mga dumalagang baka, haya't kung ang punong saserdote ay ang tamang pagkasaserdote, ay nagpatuloy sana sa ganoon ang mundo. Sa ganoon ay dapat napawi na sana ang kamatayan. Nakukuha n'yo? Hayaan n'yong tumagos 'yan ng ilang minuto. Kung si Caiafas, na punong saserdote, sa pag-aalay ng buhay ng hayop, ay sa ganoon pinaging sakdal ang tao at binigyan ang tao ng Walang Hanggang Buhay, o di sana'y walang rason para palitan ito ng anumang ibang bagay. Dapat ay nagtuluy-tuloy lang 'yun. Magkakaroon na dapat sana roon ng Walang Hanggang Buhay, at yayabong na mula roon. Pero kinailangan nga ng anino ng tunay na Cordero ng Diyos na dumating para

tanggalin ang kasalanan ng sanlibutan, na noong una pa man ay paunang sinalita na ng Diyos.

¹⁰³ At ang mga kalalakihan at kababaihan ngayon, na noong una pa man ay kilala na ng Diyos bago pa itatag ang mundo, ang mga pangalan nila ay nasusulat na sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Kung sumigaw man sila, ayos lang. Kung di naman sila sumigaw, ayos pa rin. Kung gawin nila *ito*, ayos lang. Kung di naman nila gawin, ayos pa rin. Dahil, sinalita na ito mismo ng Diyos. Kinakailangan nitong maganap. “Hindi sa may ibig, o hindi sa tumatakbo, kundi sa Diyos na naaawa.” Pagpipili ng Diyos, hindi ng ganang sarili natin.

¹⁰⁴ Ngayon pansinin. “Kaya naman ang mga paghahandog ay hindi sana nagsipaglikat? Kaya hindi sana sila nagsipaglikat sa paghahandog? sapagka’t...” Bakit? Heto nga’t malapit na po tayong magtapos; tapos na ’yung mga nasa lingguhang aralin. “Sapagkat ang mga nagsisisamba...” Bakit? “Sapagkat...” Oh, ang pakiramdam ko nga’y para akong batang paslit na nabigyan ng Pamaskong laruan ngayon. Ako’y tuwang-tuwa talaga sa bagay na Ito. Ganoon na lamang ang kagalakan ko na ilahad Ito sa Iglesya, sa inyo na mga mananampalataya, para makita n’yo kung ano ang Katotohanan! Kung ang mga bagay na ’yun noon ay sapat na, hindi sana ’yun nagtapos; nagtuluy-tuloy sana ’yun, sa Walang Hanggang Buhay. “Sapagkat ang nagsisisamba...” Ngayon basahin n’yo po Ito kasama ko, “Ang nagsisisamba ay minsan nang...” Di lang kada may rebaybal, na hanggang umaga lang ng Linggo.

...bagkus *ang nagsisisamba yamang nalinis na minsan... ay hindi na sana nagkaroon pa ng budhi ng kasalanan.*

¹⁰⁵ Ano raw? “Ang nagsisisamba yamang nalinis na minsan.” Ang paglilinis nang husto ng Dugo ng Cordero, minsan lang at puspusan nang nilinis, nilinis ang isang mananamba, hanggang sa ang pinakabudhi nung kasalanan ay nawaksi na. Isipin n’yo.

¹⁰⁶ Ang salitang *budhi*, ang tamang pakahulugan na gagamitin natin dito. Ito po ang King James na bersiyon. Sa Inglatera, ang pinakahuhulugan nito ay budhi. Dito, ang kahulugan nito ay “ang paghahangad.” “Ang nagsisisamba yamang nalinis na minsan,” sa pamamagitan ng puspusang paglilinis ni Cristo sa Kalbaryo, “ay wala nang paghahangad sa pagkakasala. Ang mga dating bagay ay nagsilipas na; lahat ng bagay ay naging mga bago na.”

¹⁰⁷ Ngayon, magagawa mo ngang makaawit na gaya ng ibong lari, at may kimkim ka pa rin diyang galit, masamang hangad at pagkaalit sa katawan mo, sa kaluluwa mo. Magagawa mo ngang makasigaw nang singlakas nang di ko alam, pero hayan pa rin ito sa inyo. Magagawa mong makasayaw sa Espiritu, magagawa mong makapagsalita sa iba’t ibang wika, makapag-propesiya,

makapangaral, magawa ang anumang sa mga bagay na ito, at hayan pa rin ang masamang hangad, pagkainggit, pagkaalit sa inyong puso.

¹⁰⁸ Pero kapag ang tunay, totoong Walang Hanggang Salita ng Diyos na itinalaga na nang una, na hayan ngang ang pangalan mo ay naisulat na roon, at talagang nalinis na nang husto ng Dugo ang taong 'yun; ang mismong pag-iisip nga lang nun, ay hinahatulan na siya sa mismong kinatatayuan niya.

¹⁰⁹ Sasabihin, “Wala akong nararamdamang kahatulan. Kapag sumasadya ako sa ganito’t ganoong mga lugar; wala akong nararamdamang kahatulan sa akin.” Bakit wala? Ikaw, bilang isang negatibong mananamba, hindi ka pa kasi nalilinis nang husto ng Dugo ni Jesus Cristo.

¹¹⁰ At ang mga legalista’y may ganitong kaisipan, “Hallelujah, pahahabain ko ang damit ko na maging hanggang *dito*, at ’yung damit ko’y maging hanggang *dito*. Pahahabain ko ang buhok ko, at ayos na ako roon.” Kasinungalingan ’yan. Tapos ituturo nila ang isang babae na may maiksing buhok, at may maiksing damit, sasabihin, “Mapupunta ang babaing ito sa impyerno.” Di ko kayang sabihin ’yan. Haya’t ’yang ganyang mga bagay na ’yan ng pagpapahaba ay tunay namang mainam. Di ko sila kinokondena. Pero kung ibabase n’yo ang Walang Hanggang pag-asa n’yo at pagkaligtas sa doktrinang ’yan, mapapahamak kayo dahil diyan.

¹¹¹ Ang isang lalaki o isang babae, hindi dahil kayo man ay *ganito*, *ganoon*, o *iba pa*, magsidulog lamang kayo sa bukal na puno ng Dugo at humugot mula rito sa ugat ni Immanuel na tumutulo, at hayaan n’yong ang Dugo ng Panginoong Jesus Cristo na puspusang naglilinis ay puksain nang husto ang mga pagkakasala n’yo.

¹¹² Kapatid, kahit pa, nagsusuot kayo ng mahahabang damit, kahit di na kayo nagsusuot ng damit na maiiksi ang manggas, sa inyo na mga kalalakihan, at mga bagay na gaya n’yan, o anumang ’yang nais n’yo; pero kung may masamang paghihinala ka pa rin, at pagkainggit at pagkaalit. Marahil nagpatakbotakbo ka, nakapagsayaw, nakapagsalita sa iba’t ibang wika, nakasigaw, nakapangaral ng Ebanghelyo, o anupaman, pero ikaw nga’y sa kapahamakan pa rin nasasadlak hanggang sa linisin kayo ng Dugo at pairalin diyan ang Makalangit na pag-ibig ng Panginoong Jesus Cristo, sa inyong puso, at mag-iiwan ng bakas ng Buhay ni Cristo sa inyo. Amen.

¹¹³ “Kahit maging wika, ang mga ito’y titigil. Kahit maging mga propesiya, ito’y matatapos. Kahit maging karunungan, ito’y mawawala. Datapuwat kung ang sakdal ay dumating na, ang bahagya ay matatapos na.”

¹¹⁴ At tayo’y nanangan ngayon, bilang mga legalista, sa kung anong legal na bagay na gawa natin. Haya’t, nung ako’y isang

makasalanan, isa akong leopardo. Sa tuwing mas susubukan ko na tumigil sa *ganito* at tumigil sa *ganoon*, pinatitingkad ko lang ang mga batik ko. Isa nga akong hipokrito sa bagay na ito, at maging kayo. Pero nung araw na 'yun na kayo'y dumulog sa Kalbaryo, sa puspusing paglilinis, kung saan ang tunay na Cordero. . .

115 Sa ilalim ng Lumang Tipan, magdadala sila ng kordero noon. Sila nga'y pupuslit at makagagawa ng pangangalunya. Sila'y di makapagtimpi, at makikipagtalo, at makikipag-away, at magsasalita nang masama. At, kapag nakagawa sila nang ganito, magdadala sila ng kordero, dadalhin 'yun sa saserdote, sasabihin, "Oh, saserdote ng Diyos!"

"Ano 'yun?"

116 "Nakapagsalita ako nang masama sa kapitbahay ko. Ako—ako'y nakapangalunya. Nakapagsalita ako ng kasinungalingan. Nakapagnakaw ako." Ipatatong niya ang mga kamay niya sa papaslanging kordero, na walang dungis. Susuriin 'yun ng saserdote; iaangat 'yun, para masuring maigi kung nararapat ba ito. Ipatatong ang kanyang mga kamay dun, at gigilitan nila ng leeg. At ang dugo ay aagos sa kanyang mga kamay, at ang munting kordero ay uunga, papadyak, at mamamatay.

117 At 'yung mananamba'y tatayo roon, sasabihin, "Siyanga, ako dapat sana 'yun, pero ang korderong ito ang humalili sa aking puwesto." Pero babalik pa rin siya na may ganoon pa rin siyang pagnanasa. Gagawin at gagawin pa rin niya basta't may pagkakataon siya.

118 At ganyan na ganyan ang mga tao ngayon. Dudulog sila at maghahayag ng pagkakasala, at sasabihin, "Nagawa ko 'yung *ganito*, *ganoon*, o *iba pa*," at manunumbalik; at babalik naman, gagawin at gagawin ang gayong bagay nang paulit-ulit. Aanib sa isang simbahan, o sa isa pa; kung sa isang ito ay may kung anong munting bagay na napasimulan, buweno, pupunta sa isang *ito* at sa isang *'yun*.

119 Subalit anino ito ng anong bagay? Ito nga'y di sakdal. Di nun mawawaglit ang pagkakasala, pero ito nga'y anino ng tunay na dobleng lunas na parating.

120 At nung si Jesus Cristo na Anak ng Diyos ay dumating, at namatay sa Kalbaryo, at kapag ipinatong ng mananamba ang mga kamay niya nang minsan sa ulo ng Panginoong Jesus, at may pagkilala na ang pagsigaw at pag-iyak sa krus, ang kamatayan na 'yun, ang kahirapan na 'yun na tiniis alang-alang sa iba, na dapat 'yung mananamba ang magbabayad nun sa sarili niya, sa kalalim-laliman ng impyerno kung saan dapat siya papunta. May pagkilala siya na binayaran ni Cristo sa paghalili sa lugar niya sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kanyang kasalanan.

121 Pagkatapos anong nangyari? Ano ang naging pagkakaiba? Ano ang lumabas sa kordero, mula sa dugo? Lumabas ang

buhay. At ang selulang dugo ay nasa kamay niya. Ang buhay ay nakapaikot sa dambana, pero 'yung mismong buhay ng kordero ay di magawang pumasok sa mananamba; gayong ipinahayag na niya ang pagkakamali niya, at humalili na sa lugar niya ang kordero. Dahil nga, ang mananamba'y may kaluluwa, at di siya maaaring mabuhay bilang isang hayop. Siyanga.

122 Pero, Oh Diyos, Iyo nawang ikasa ang dalawang gabilya ng mahabang baril, at iputok ang dalawang bariles na 'yan sa direksyon ng iglesya rito, 'yan ang aking dasal. Pero nung ang mananamba . . .

123 “Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may walang hanggang Buhay, ang Espiritu Santo. Di mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula kamatayan.”

124 Kapag ipinatong ng mananamba ang mga kamay niya sa ulo ng naghihingalong Cordero ng Kalbaryo, at ipapahayag ang mga pagkakasala niya, at kikilalanin ng Diyos na 'yun nga'y taos-puso sa kanya. Ipahahayag niya ang pagkakasala niya. Yung Buhay na nakapalibot, na tinatawag na Espiritu Santo ni Jesus Cristo, ay babalik sa mananamba. At siya'y puspusing lilininis, at wala nang pagnanasa sa kasalanan. Dahil siya ay pangangunahan na ng Espiritu ng Diyos, at hindi na ng sarili niyang buhay, mula sa puntong 'yun. Siyanga't makagagawa pa rin siya ng pagkakamali, sigurado 'yan, pero ang Buhay na 'yun ay panghahawakan siya.

125 Masdan. Bumaba tayo rito sa ika- . . . ika-14 na talata. Wala na tayong oras para tapusin ito. Kunin natin ang ika-12 talata.

Nguni't siya, (hindi ang korderong) . . . si Cristo!

Nguni't siya . . .

126 Ang tinutukoy niya rito ay 'yung punong pagkasaserdote. Kung papaanong ang saserdote ay nagpupunta roon sa templo, at kung anu-ano pa; sasamba. Kung papaanong pabalik-balik ang mananamba nang may ganoon pa ring pagnanasa. May taong dudulog dun sa altar at sasabihin, “Siyanga, ayaw kong mapunta ng impyerno.” Mangangaral 'yung mangangaral patungkol sa kung gaanong katindi ang init sa impyerno, at 'yung dambana'y mapupuno ng mga tao. “Oh Diyos, ayaw kong mapunta ng impyerno.” Pero di rin naman nila gustong isuko ang kanilang sarili, na sasabihin, “Opo, Panginoon. Hindi ang kalooban ko, mula sa oras na ito, haya't ang Iyo na.”

127 Siguraduhin n'yong tiyak kayo sa ginagawa n'yo. Sabihin, “Diyos, mahabag Ka po sa akin.” Ang Dugo ni Jesus ay nasa sa inyong kamay na kung ganoon. Huwag kayong magpupunta roon na siya ring buhay ang ipinamumuhay n'yo gaya ng dati. Hahatulan ka ng Dugo na 'yan hanggang sa huli, sa Paghatol. Siguraduhin n'yong nasa sa inyo ang Buhay na 'yan na naroon sa Dugo, na bumalik sa buhay ng iyong dugo, bumalik sa puso

mo't papangyarihin sa iyo na mamuhay ka na isang bago nang Cris- . . . binago nang tao. "Ang mananamba yamang nalinis na minsan." Masdan n'yo rito.

Nguni't siya, nang makapaghandog ng isa lamang hain patungkol sa kasalanan nang (gaanong katagal?) magpakailan man, (ang Walang Hanggan na 'yan na walang dugtungan). . . magpakailan man, ay umupo sa kanan ng Dios; (Sa dulo ng daan.)

¹²⁸ Saan Siya naroon? Sa dulo ng daan. Naaalala n'yo ba, nung isang Linggo bago itong huli lang, 'yung Linggo na 'yun na ipinangaral ko't isinalarawan ko ang munting daong ni Moises, na umaagos dun sa mga tambo't lahat na? Naaalala n'yo ba 'yun kung papaanong kayo na mga nakatatanda ay nag-iyakan at nagsigawan, habang nangangaral ako noon dito sa mga bata? Pinaupo natin sila rito na mga itim at bughaw ang mga mata na mga paslit, pinaupo rito sa harapan, isinaysay 'yun sa kanila, "Kung mawaglit mo ang iyong buhay, masusumpungan mo ito. Kung ipagkakait mo ang iyong buhay, mawawaglit mo ito." Naaalala n'yo ba, iglesia?

¹²⁹ Naalala n'yo, nung isinasalarawan ko 'yun, binigyan ko ng pagsasalarawan 'yung umagang 'yun nung si Jochebed at nung si Amram, sina Aaron at Miriam, nakaluhod noon bago lamang magliwanag ang umaga, habang nakataas ang kanilang mga kamay, sinasabi, "Diyos, pinagkalooban Mo kami ng sanggol, ngayon amin itong ibinabalik sa Iyo. Ikaw ang nagbigay nito sa amin. Hindi ito sa amin, sa Iyo ito. Ikaw ang nagbigay sa amin, at ngayon amin itong ibinabalik sa Iyo." [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] "Kung ipipilit naming itago ito, papatayin ito ng mga mangkukulam ng impyerno. Yung matatandang 'yun na mahahaba't patusok ang ilong na mga babae ay lilitaw riyang at hahawakan siya sa munti niyang ulo at iuuntog sa pader. Amin pong mawawaglit siya kung itatago namin. Pero kung isasauli namin ito sa Kanya na nagbigay nito sa amin, masusumpungan namin ito."

¹³⁰ Ganoon din ito sa sarili n'yong munting daong, sa umagang ito, kapatid na lalaki, kapatid na babae. May kargamento kayo riyang, ang pinaka mahalagang kargamento sa lahat. Ang tawag ay inyong kaluluwa. Sige nga't, ipagkait n'yo, mamuhay kayo sa paraan na gusto n'yo, siguradong mawawaglit n'yo ito kung gaano kang kasigurado na nakatayo nga ako rito. At kung inyo namang ibalik ito sa Diyos, at isusuko ang inyong kalooban, mapapanatili n'yo ito. Masusumpungan n'yo ito. Yan ang sinabi ni Jesus. Pagkatandaan.

¹³¹ At nung ipaanod na nila ito dun, itong kayamananang ito ng kanilang puso, nung kanilang ipaanod na ito sa ilog, 'yung mga katakot-takot na mga buwaya'y nagsipuntahan. At nakikinita

ko nga ang Diyos, gaya ng pagkakasabi ko, tumayo sa Kanyang Luklukan.

¹³² Alam n'yo, napakaraming mga pagsubok na nangyayari sa ibaba rito. Pero may Isa na nakatunghay sa kanila, sa lahat ng pagkakataon. "Hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan."

¹³³ Nung ang kaawa-awa't matandang si Amram, na hayan ang kaisa-isa niyang, minamahal na munting anak. Si munting Jochebed ay bago lamang niya pinagagatas ang batang ito, at pagkatapos ay kailangan na niyang ilagay ito sa isang daong at paanurin sa mga tambo, kung saan nagsisitabaan ang mga buwaya dahil sa maliliit na sanggol. Doon, nung nakatayo siya roon, at gumuguhit ang mga luha sa kanyang pisngi, nagsalita ang Diyos, "Halika rito. Gabriel, halika rito pansumandali. May gusto Akong ipakita sa iyo. Mayroon ako ritong tunay na nananampalataya sa Akin." Amen.

¹³⁴ Diyos, itulot Mo na ako'y maging ganoong uri ng tao, na magagawa kong sabihin, "Sinabi ng Diyos. Yun ang tama." At maging patay sa lahat ng anupamang ibang bagay, na 'yun ay magiging tanso na lamang na tumutunog o isang batingaw na umaalingawngaw.

¹³⁵ Sabi, "Halika rito, Gabriel. Lahat kayo na mga Anghel halkayo rito. May gusto Akong ipakita sa inyo. Nakikita n'yo ba ang lalaking 'yun dun na nakataas ang kanyang mga kamay? Pinaanod niya ang sarili niyang sanggol. Ipinagkaloob Ko ang bata sa kanya, ngayon kanya itong ibinabalik. Sisiguraduhin Kong mapapasakanya uli ito." Amen. Sabi, "Gabriel, tumawag ka ng sampung libong mga Anghel, na aatasang humayo. Nais Kong puntahan nila roon."

¹³⁶ Pinatunog ni Gabriel ang munting trumpeta, at umabot ang tunog sa mga pasilyo ng Walang Hanggan. Sampung libong mga Anghel na naarmahan ang nagsidulog.

¹³⁷ Sabi, "Magbantay kayo nang mariin sa paroo't parito ng ilog. Siguraduhin n'yong walang buwaya, walang kahit ano, ang makalalapat dun ni isa sa kanila. Ito'y ibinabalik sa Akin."

¹³⁸ Sabi ni Gabriel, "Panginoon, Punong Kapitan, saan Ka naman pupuwesto?"

¹³⁹ "Doon Ako sa dulo ng linya pupuwesto. Ako ang tatanggap sa dako roon."

¹⁴⁰ Yan na 'yan mismo ang ginagawa Niya ngayon. Kapag ilalagay ng tao ang kanyang pagtitiwala sa Panginoong Jesus, ipapahayag ang kanyang pagkakasala, hahawakan ng Espiritu Santo ang taong ito, at si Cristo ay tatayo dun sa dulo para tumanggap. Dumaan man sa napakaraming alimpuyo, at mga buwaya, at nakakatakot na patibong, at lahat na ay atin itong nilampasan.

Sa lahat ng maraming panganib, pagpapagal,
 at patibong sa daan,
 Lahat iyan ay akin nang napagtagumpayan;
 Sapagkat biyaya ang siyang nagdala sa akin sa
 kaligtasan,
 Biyaya rin ang patuloy na magdadala sa akin
 sa Tahanan.

141 Sino 'yun na nasa dulo para tumanggap? Pakinggan n'yo.

. . . magpakailan man, ay umupo sa kanan ng Dios;

Buhat noon (hanggang sa ibayo sa dulo ng daan) ay naghihintay hanggang sa ang kaniyang mga kaaway ay maging tungtungan ng kaniyang mga paa.

142 Handa na ba kayo? Heto na. Heto na ang huling pagpihit sa turnilyo. Heto na ang huling dako na tatanglawan. Heto na ang huling martilyo para bumaon ang pako. Heto ang Isang 'yun na pinag-abot ang Walang Hanggan sa Walang Hanggan. At, dito, ang Tabak ng pagliligtas ng Diyos ay tumimo nang husto sa puso, sa pagtutubog sa Kanyang mga kinatawan, sa Espiritu Santo. Heto nga ito, Mga Hebreo 10:14. Pakinggan n'yo. Hindi ko ito salita; bagkus Salita ng Diyos, Na binigkas Ito bago pa man itatag ang mundo. Nararapat lang na maganap Ito.

Sapagka't sa pamamagitan ng isang paghahandog ay kaniyang (p-i-n-a-s-a-k-d-a-l) pinasakdal magpakailan man ang mga pinapaging-banal.

143 Pinasakdal nang gaanong katagal? Hanggang sa kasunod na pagkakataon lang ba na nakagirian mo ang kapitbahay mo? Hanggang sa kasunod na pagkakataon lang ba na may nakita kang, lalaki o babae na mahalay? Hanggang sa kasunod na pagkakataon lang ba na may nakita kang oportunidad na makapagbitiw ng malaking kasinungalingan? Hanggang sa kasunod na pagkakataon lang ba na nakita mong puwede mong siluin ang sinuman at saktan sila, at kaya tuloy umalis sila ng simbahan, para sa sunod ay pipintasan mo na naman ang iba?

144 "Kanyang pinaging-banal magpakailanman, pinasakdal magpakailanman." Mangyaring ang Espiritu Santo. . . Siyanga nama't makapagsabi ka ng kung anong bagay, kung minsan, na mali. Tootoo 'yan. Siyanga't makagagawa ka ng isang bagay, kung minsan, na mali. Tootoo 'yan. Pero sa mismong punto na gagawin mo ito. . . Masdan n'yo ang kasunod na talata.

At ang Espiritu Santo . . .

145 Oh, grabe, halos di na ako makapangaral pa. Masdan.

. . . ang Espiritu Santo . . . ay nagbibigay patotoo sa atin: . . . (Grabe!)

. . . ang Espiritu Santo . . . ay nagbibigay patotoo sa atin: . . . sapagka't pagkasabi niya na,

Ito ang tipang gagawin ko sa kanila sa mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, ilalagay ko ang aking kautusan sa kanilang puso, at isusulat ko rin naman sa kanilang pagiisip;

At ang kanilang mga kasalanan at kanilang kasamaan ay hindi ko na aalalahanin pa laban sa kanila.

146 Oh Diyos! “Sinumang mayroon ng pag-asang ito sa kanya ay nagdadalisay sa kanyang sarili gaya naman ng Diyos na dalisay.”

Manalangin tayo.

147 Makalangit na Ama, pinasasalamatang Ka namin, sa umaga na ito, para sa puspusang paglilinis ng Espiritu Santo, dahil sa biyaya ng buhay na Diyos. Kami’y makasalanan, di matuwid, napakasama, di kaibig-ibig; walang Diyos, walang pag-asa, nawalay na nasadlak sa sanlibutan, at dumating si Cristo at humalili sa lugar namin. Sa paunang kaalaman ay nakita na kami ng Diyos sa kalagayan na ito, nalalaman na kami’y may pagkagutom at pagkauhaw. Hindi na nakapagtataakang sinabi ni Jesus, “Sila’y mabubusog.” Hindi “magiging miyembro.” Hindi “sila’y makikianib.” Kundi, “Sila’y mabubusog; na mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran.” Sa madaling salita, “nagugutom at nauuhaw,” may pagkabatid na wala tayong magagawa sa ating mga sarili, kahit ano pang gawin natin.

148 Magagawa ng diyablo na magaya natin ang bawat kaloob. Magagawang pahayuin tayo at magpatong ng mga kamay sa mga maysakit, at sila’y magsisigaling. Magagawang pagsalitaan tayo sa iba’t ibang wika. Magagawang maipaliwanag natin ang sasalitaing iba’t ibang wika. Magagawang pagkamitin tayo ng karunungan, kaalaman. Pero hindi ’yun ’yun, Panginoon.

149 Sinabi mo, “Marami ang magsisidulog sa araw na ’yun, at magsasabi, ‘Panginoon, Panginoon, hindi ba’t ginawa ko ang mga bagay na ito sa Iyong Pangalan?’” Sinabi Niya, “Magsilayo kayo sa Akin, mga manggagawa ng katampalasan. Hindi Ko kayo nakikilala.”

150 Oh Diyos, Iyong papangyarihin na ang aming mga pag-asa ay maitatag sa wala nang hihigit pa kundi sa Dugo ni Jesus na may katuwirang nakalaki doon.

Kapag ang lahat ng sa aming nakapaligid ay humantong na sa pagkabulid,
Siya ang mananatili naming saligan at pag-asa magpakailanman.
Sapagkat kay Cristo sa matatag na Bato, ako nakatayo,
Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhangin gumuguho.

151 “Ang makilala Siya ay Buhay,” hindi ang makilala ang mga atas. “Ang makilala Siya,” ang Persona.

¹⁵² Dalangin ko, Ama, para sa bawat makasalanan sa gusali ngayon, na Iyo po silang ililigtas mismo ngayon. At nawa sila, nang walang halong emosyon, walang halong pagsasalungat na nanggagaling sa diyablo; bagkus sila nawa, na mayroong tunay, di nahaluang pananampalataya, ay manampalataya sa bagay na ipinangaral sa kanila, at tanggapin ang Espiritu Santo na Siyang nagdala Nito. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, sapagkat sa Iyong Pangalan namin ito hinihiling.

At habang nakayuko ang ating mga ulo.

¹⁵³ Iniisip ko kung mayroon ba rito sa umagang ito. . . Ngayon hinihingi ko ang inyong. . . pantay, tapat, makatotohanang; ano pa man 'yang nagampanan n'yo noon, gaano mang karaming pagsisimula ang naumpisahan n'yo, o gaano mang katagal na kayong kaanib sa isang iglesya. Kayo ba'y taos-puso, diyan sa kaibuturan ng inyong puso, sa bagay na ito, na nalalaman n'yo na ang mga bagay ng sanlibutan ay lumipas na sa inyo? Ang magkaroon ng kabatiran, na araw bawat araw, at taon bawat taon, nagpapatuloy lang, di bumibitiw sa pagkakaangkla ang inyong sinepete? May Isa, sa ibayo, na pauna nang ipinakita't naroon sa dulo ng daan, kung saan ang malaking putol na ito ay hinihila. May Isa na naghahatak sa inyong puso, nalalaman na may isang araw kayo'y itataas. Kung di na 'yan mawawaglit sa inyong puso ngayon, kaibigan, mga kapwa ko mamamayan, manlalakbay. . .

¹⁵⁴ Mapagpakumbaba't, kalugud-lugod na kawan, pagpalain ng Diyos ang inyong puso. Nakikita n'yo na sa pagkakaupo n'yo rito, ubanin na ang buhok n'yo at laylay na ang balikat. Nakikita n'yo, ang mga kaawa-awa't, mumunting mga bata, na marahil nalilipasan sa pagkain. At ako po ba'y tatayo rito at para magsabi lang ng bagay na mali sa inyo? Kung, ganoon, huwag nawang ipahintulot ng Diyos! Lalabas akong. . . Dapat akong lumuhod at humingi ng kapatawaran bago man lang ako mangaral kung ganoon. Iniibig ko kayo. At 'yan ay sa tunay na Cristianong pag-ibig.

¹⁵⁵ Maging taos-puso po kayo sa Espiritu Santo ngayon. Ang lahat ba ng mga bagay-bagay na ito'y lumipas na sa inyo? O, si Satanas ay nalililang pa rin kayo, at ang ipinapamuhay n'yo ay kala-kalahating buhay? May pagkakataon na iisipin n'yo, "Buweno, mainam," at pagkatapos may pagkakataon na, aba, kayo, "Buweno, di ko mawari"? At mangyayari na lang ang mga bagay, na may pagkabatid kayo na hindi dapat. At kung 'yan ang inyong kalagayan, kung ganoon, sa umagang ito, naisin n'yo na isuko ang lahat-lahat kay Cristo.

¹⁵⁶ Alalahanin n'yo ang sinabi Niya, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at nananampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay mayroon nga, ngayon mismo, na walang hanggang Buhay." Tapos na ang paghatol. Mula sa oras na 'yan mismo, ang bagay

na 'yun ay patay na. Kung tunay na tinanggap n'yo ito, ito mismo ang magpapatunay sa sarili nito.

¹⁵⁷ Ngayon tingnan n'yo. Huwag kayong magpadaya. Naaalala n'yo ba, maraming taon na rin ang nakararaan nung isaayos natin ang iglesya? Ako po'y nangungusap sa inyo, at habang nananalangin kayo; nakayuko ang mga ulo. Naaalala n'yo ba nung isaayos natin ang iglesya? Kung may mensaheng ibibigay sa pamamagitan ng propesiya, o sa pagsasalita sa iba't ibang wika at mayroong pagpapaliwanag, tapos isinusulat natin 'yun at ipinapatong natin 'yun sa pulpito, tatlong kalalakihan ang sumasaksi. Ilalahad ko ang naturang mensahe sa pulpito. Kung di 'yun maganap, may masamang espiritu sa mismong pagitan n'yo. Kaya nagpupunta kayo rito't itinatama 'yun.

¹⁵⁸ Kung may taong nakagawa ng mali, kapatid na babae man o kapatid na lalaki man na nakakita sa kanila na nakagawa ng mali, pinupuntahan sila nung mga nakakita. Sa pagpasok nila rito sa simbahan, hahawakan nang marahan sa bisig, pupunta rito sa likuran sa maliit na silid dito, sasabihin, "Kapatid, nakita kita sa lugar na di nararapat puntahan. Di ko 'yun sasabihin sa harap ng iglesya, dahil iniibig kita. Nagkamali ka. Manalangin tayong ngayon." Kita n'yo?

¹⁵⁹ Ngayon kayo nga'y maging tapat sa sari-sarili n'yo. Kung ang pag-ibig ni Cristo ay nasa sa inyo, nang higit sa anupaman na ibang bagay, pagpalain kayo ng Diyos; mabuti 'yan sa inyo. Pero kung hindi, huwag kayong padaya. Ang mga espiritung 'yun ay sobrang mapaglinlang. Madadaya nila kayo. Yun 'yung nangyari noon kay Eba, sinabihan siya ng halos buong bagong katotohanan. "Oh, ganoon ba, sinabi ng Diyos. Uh-huh." Pero may kaunting pagkalihis lang dun. Yun ang . . . 'yun ang sumira sa atin sa umagang ito; nakita natin ang kaunting pagkalihis na 'yun sa bilog. Yun ang nagbunsod ng lahat ng problema.

¹⁶⁰ Kapatid, kung di 'yan gumugulong nang perpekto sa puso ng Diyos, magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay ngayon sa Diyos, at sabihin, "Diyos, dahil po rito, nagnanais talaga ako na maiwasto"? Wala pong ibang makakakita kundi ako. Inyo lang itaas ang inyong kamay. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Mayroon pa po ba? Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, at ikaw, at ikaw, ikaw. Pagpalain ka ng Diyos. Ngayon, nakikilala Niya kayo. Nakikilala Niya ang bawat isa sa inyo. Nalalaman Niya mismo ang minimithi n'yo.

¹⁶¹ Ngayon, ang nakagisanan nating gawi (habang nakayuko po ang inyong ulo) ay ang mga tao'y lumapit sa altar. Mainam 'yan. Gusto ko 'yan. Pero di 'yan ang gawain sa Biblia. Ito'y doktrina lamang ng iglesya.

¹⁶² "Datapuwat ang lahat ng sa Kanya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatang maging mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos." Diyan mismo sa kinauupuan

n'yo, at itinataas n'yo nga ang inyong kamay, may nasa isang dosena o higit pa ang narito sa inyo, inyo bang tatanggapin na ngayon, sa kaibuturan ng inyong puso, pagkatapos n'yong sabihin na pakiramdam n'yo ay dapat n'yo ngang gawin? Kayo po ba na siya ring grupo na nagsipagtaas ng kanilang kamay, maitataas n'yo ba ang inyong kamay, sasabihin, "Akin na itong tatanggapin, Kapatid na Branham. Tatanggapin ko na ngayon si Jesus. Anuman ang nagawa ko noon, tinatanggap ko na Siya ngayon bilang aking Mangingibig at aking Tagapagligtas"? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. "Akin na Siyang tatanggapin ngayon. May kung anong Bagay sa loob ng puso ko ang nag-uudyok sa akin na akin—akin—akin ngang ninanais ito. May kung anong Bagay ang nagsasabi sa akin na dapat kong gawin, sa oras na ito mismo. Ito na ang araw ko. Marahil kung sa susunod pa, ako'y napalayo na nang husto." Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Nakikita ko ang kamay n'yo. "Ngayon nararamdaman ko talaga na dapat na dapat ko itong gawin."

¹⁶³ Mga kaibigan, ang iglesya ay nanlalamig na. Ang Amerika ay hahatulan na't di na magtatagal. Bawat bansa'y napatawan na. Anong mangyayari sa inyo sandaang taon mula ngayon? Nasa kung saang dako na kayo n'yan. Sa pagitan ng minutong ito't sandaang taon mula ngayon, kayo'y liliban na sa mundong ito. Kinakailangan nakakasigurado kayo. Huwag n'yong balewain ito. Ang Salita ay ipinapangaral na ng Espiritu Santo mismo, at Ito ang Katotohanan na nanggagaling sa Salita ng Diyos. May Isa na umiibig sa inyo.

¹⁶⁴ Ngayon, di n'yo nga magagawang itaas ang inyong kamay, maliban na may Isa na tumawag sa inyo na inyong itaas ang inyong kamay. Yan ang Espiritu Santo. "Walang sinuman ang makalalapit sa Akin, maliban na palapitin siya ng Aking Ama unang-una." At kung ganoon na lamang ang pag-ibig Niya sa inyo na kumatok sa inyong puso, at sasabihin, "Siyanga, ikaw ang tinutukoy Ko. Ito na ang oras. Gusto Kong pumasok, bago Kita alisin sa mundong ibabaw nang napaaga. Hinihiling Ko sa iyo na itaas mo ang iyong kamay." Inyo bang gagawin na ito ngayon?

¹⁶⁵ Isa pang beses sabihin n'yo, "Ako ngayon, sa kaibuturan ng aking puso, tinatanggap ko ito"? Ngayon mananalangin po ako para sa inyo. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Naramdaman ko mismo, kalugud-lugod na kapatid na babae, na ikaw ito. Ako nga'y tumanaw sa likod. . . Hayan nga't, inyong nalalaman na ako'y ilang araw na lamang, ilang oras na lamang, bago ang pagtatagpo sa dakong 'yun sa ibayo. Maraming panahon ang ginugugol ko sa silid ngayon, para manalangin. Gawain para sa pagpapagaling; ang Anghel ng Panginoon ay nasa malapit lang.

Maraming dakilang mga bagay ang magaganap. Tumanaw ako sa likod at may nakita akong kung anong Bagay na nakatayo sa silid, naroon Ito sa isang kabataang babae. Nakikita ko ang iba na nagsisipagtaas ng kanilang kamay. Naramdaman ko ang isang saksi na totoong-totoo rito. Naisip ko, “Kung magagawa ko lang tumawag ng isa pa, kung itataas lamang ng babaing ’yun ang kanyang kamay.” At itinaas nga niya. Yun na nga ’yun.

¹⁶⁶ Ngayon, Diyos, Mangingibig ng aming kaluluwa, sino po ba kami, kung tutuusin? Hayan nga’t, bago pa man maanyuan ang mundo, alam Mo na ang bawat lamok na lilitaw sa mundong ito, bawat langgam, bawat kulisap. Ika’y walang katapusan. At Iyo ngang nalalaman, sa umaga pong ito, kung sinu-sino ang magsisi taas ng kanilang kamay. Alam Mo na. Haya’t, nakita Mo na sila bago pa man magpasimula ang mundo. Alam Mo na, sa tuwina. At Iyo ngang nalalaman na ang bagay na ito ay magaganap, nang sa gayon Iyong mailahad ang Iyong pag-ibig sa Iyong mga pinili. Iyong sinabi na Iyong pinalitaw si Faraon at pinatigas ang kanyang puso, nang sa gayon Iyong maipakita ang Iyong kapangyarihan, kaya gaano pa kayang higit na Iyong ipinahahayag ang Iyong pag-ibig! Si Satanas, ang masamang ’yun na bumaluktot sa tama na maging mali, pinahintulutan Mo siyang gawin ’yun, dahil magagawa Mong ipahayag ang Iyong pag-ibig sa ganoon sa Iyong bayan. At, Oh Diyos, iniibig Ka po namin nang lubos-lubos! Lubos-lubos ang kaluguran namin sa Iyo.

¹⁶⁷ At dalangin ko, Diyos, na ang mga taong ito ay mabubuhay ng isang Cristiano, mapagpakumbabang buhay, mula sa araw na ito at sa mga susunod na araw, yamang kanilang tinanggap Ka. At kung mayroong iba, marahil di ko sila nakita lahat, marahil di Mo sila ipinakita sa akin, subalit nangusap Ka nga sa kanila. Kung may iba pa, Iyong pagpalain din sila. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

There is a fountain filled with blood,
 Drawn from Immanuel’s veins,
 And sinners plunged beneath that flood,
 Lose all their guilty . . . (Ngayon mabagal lang,
 kapatid na babae.)

¹⁶⁸ Alam n’yo, kahapon, si Kapatid na Roberson ay naparoon kina Kapatid na Wood. Ako’y nagpunta rin. Naghihintay ako roon para sa ilang mga bibisitang ministro na parating. May ipinakita siyang litrato, at ’yung litrato . . . Maraming litrato ang tinitingnan namin, pero, may isa roon, na makikita roon ang iglesya na palabas ng pintuan. At nakita ko ’yung sarili ko dun na palabas, at tiningnan ko, “Oh, naku! Grabe, ganoon na pala, ganoon pala ang nagagawa ng kahit kaunting taon lang sa iyo!” At tiningnan ko uli. Yun nga’y sumagi sa isip ko, ngayong umaga.

169 May kaunting panahon na lamang tayo sa mga kahirapan na ito at mga kasalanan. At iniisip ko ang maraming beses na naririnig ko ang awiting 'yan na nagsisimula, na nakikita ko ang mga tao na nagpupunta sila rito sa harap, tatayo sa palibot ng altar para tumanggap ng komunyong. At naririnig ko ang gulong ng kabaong na umiingit, habang inilalabas siya sa silid na 'yun dun, inilalabas.

170 Alalahanin n'yo, ang pangangaral ng Salitang ito ay... Ang tumayo sa Paghatol. At ako'y tatayo sa likod Nito, tatayo roon. Sasaksihan ko ang lahat ng 'yun. Hindi ko Ito mababawi pa. Nagawa ko nang sabihin Ito. Kinakailangan kong manatili roon. Kakatagpuin ako nito sa Paghatol, gaya ng kung paanong sinalita ng Diyos ang Kanyang Salita at di na Ito mababawi pa. Kita n'yo?

171 At tinitimbang ko ang bawat salita, unang-una sa puso ko, at tinitingnan ko kung ninanais ko ngang sabihin ito, mismo. Kung para bang mali, di ko ito sinasabi. Hinahayaan kong Siya ang magsabi nito. Kung—kung may bagay Siya na sasabihin, na kontra, gayong para bang di ako naniniwala roon, sasabihin at sasabihin ko pa rin, talaga, dahil Siya na 'yun mismo. Gusto kong makasigurado, dahil ayaw ko ng anumang pagkakamali sa araw na 'yun.

172 Alam n'yo, magiging tunay na madilim, sa may ilog doon, sa araw na 'yun. Walang kahit sino roon ang makatutulong. Di ka makapagdadala ng pera sa dakong 'yun. Ang mga kaibigan mo ay mapapasa ganoong kalagayan din katulad mo; dadako ka sa katakut-takot na dilim. Kinakailangan mong tumawid. Gusto kong makasigurado na ang tiket ko ay tama. Gusto kong makasigurado, na kapag titingnan ko 'yun, makikita ko ang Dugo ng aking Guro. Pagkatapos kapag narinig ko na, nang ilang sandali, ang lumang Barko na sumisilbato na, magiging mainam na ang lahat. Pero haya't ayaw ko nga ng kung ano mang aberya dun. Gusto kong dito pa lang ngayon ay naayos na ang lahat. Kung may anumang aberya, gusto kong dito pa lang ngayon ay naayos na ito. Kakailanganin ko ang maski katiting na biyaya na makukuha ko, sa araw na 'yun.

173 Gusto ko pong maging tapat. Gaya ng nasabi ng dakilang guro, nung isang araw, hindi niya ninais na maging tanyag, ang gusto niya'y maging tapat. Ganoon din ang sinasabi ko sa sinasabi niya. Gusto kong maging tapat. Gusto kong sabihin ang Katotohanan, para sa araw na 'yun, kapag dumating na ito, maririnig ko ang mga sigawan sa palibot ng pampang, gusto kong tumanaw dun at makasigurado.

174 Gaya nung mga batang Hebreo, nung panahon na nakikita na nila yaong itim na mga pakpak na humahagibis sa buong lupain, ang kamatayan, sasabihin nung maliit na batang lalaki

sa kanyang tatay, “Sigurado po ba kayo na ang dugo ay nasa poste?”

Titingin sa labas 'yung tatay, “Oo, anak, naroon ang dugo.”

“Buveno, mainam po kung ganoon. Ligtas tayo.”

Wala pa ba riyan, sa umagang ito, kaibigan?

Siguraduhin n'yo.

175 Ngayon, Ora May, alam kong narito ka para maipanalangin ka, kapatid. Ang kaawa-awang munting babaing ito, sa kanya ngang pagkakaupo riyan sa hanay na 'yan, na napakapayat at nanliliit. Hayan nga, ang munting si Shirley ay nakaupo riyan, umiiyak, nanggaling pa ng Arizona. Naiisip ko nga sila bilang maliliit na bata pa sila noon. Lahat kayo'y naaalala sila, dun sa maliit—maliit na lumang bahay na tagpi-tagpi, 'yung mahirap na matandang tatay nila ay nakaupo sa likod ng simbahan dito, para sa kanila. Naaalala n'yo, nung maliliit pa ang mga batang ito kung papaanong ako . . .kung papaanong nakikilala nating lahat sila. Kung papaanong ang kaawa-awang munting si Ora May . . . Kailangan ng dalawa para magtaguyod ng pamilya. Oh Diyos, itong teribleng bagay na ito ng pagkakasal at diborsiyo. At ginawa ni Curtis ang lahat ng magagawa niya, sa kanila. Nagtrabaho siya nang husto. Pero, ang isang bata, maski sino pa sila, ay nangangailangan ng pag-ibig ng ina. Isang ina na magmamahal sa kanila. Nasa kalikasan ito, para pakalmahin ang iyong pakiramdam.

176 Ako po'y isang mangangaso. Pinag-aaralan ko ang buhay ng mga hayop sa gubat. Yun ngang . . . At ako nga'y nagpupunta roon at pinag-aaralan ko 'yun. Ang isa pong nanay na oso, kapag siya'y nagpupunta uli, sa panahon ng taglagas ng taon, siya'y manganganak at magiging nanay uli. Itinutulak niya ang lahat ng kanyang mga anak na mamuhay sa sarili nila. May isa o dalawa siya; itinutulak niya silang mamuhay sa sarili nila, na matulog ang mga ito sa sari-sarili nila sa panahon ng taglamig, para masanay na sila sa ganoon.

177 Sa kasunod na taon, kapag lalabas na uli siya, may dalawa o ilang maliliit na mga sanggol siya, isa o dalawa. Tumatayo siyang nanay sa kanila sa buong tag-init. Tapos, pagdating ng taglagas, itinutulak niya na naman ang mga ito sa sarili nila.

178 May dalawa na naman siya sa kasunod na tag-init. Pero papaano kung di siya magkaroon ng sanggol sa taon na 'yun? Alam n'yo ba ang ginagawa niya? Lumalabas siya, sinusubukan niyang hanapin 'yung maliliit na oso na 'yun, sila'y kasing laki na niya. Kung di niya sila mahanap, kukupkop siya ng marahil dalawang maliliit na lobo. Kukupkop siya ng siguro dalawang asong-gubat. Kukupkop siya, may pagkakataon nga, sanggol na tao mismo. Siyanga, may pagkakataon na ganoon. Kanyang kukupkupin 'yung munting batang sanggol, o ano pa, at tatayo

siya bilang nanay nun. Ganoon kasi ang kalikasan. Di niya 'yun magawang di 'yun gawin.

¹⁷⁹ Tingnan n'yo po ang munting batang babae na may yakap na manika, haya't, di pa nga siya nagtatatlong taon. Napansin ko mismo ang munti kong si Sarah, nung isang gabi. Nagpunta ako sa kuwarto niya. May pagkatakot kung minsan, at hayun nga siya, natutulog yakap-yakap ang kanyang munting manika sa kanyang bisig. Tumayo ako dun at pinagmasdan. Naisip ko, "Kaawa-awa naman! Alam n'yo, di magtatagal, lilipas ang mga taon, si tatay ay tatanda, na. Ako nga'y matanda na; nag-uuban at yayao na." Pero paunang pagpapakita 'yun, na may isang araw, isang—isang tunay, may munting sanggol na nakahimlay roon. Talagang nasa sa inyo kasi. At kung di n'yo gusto 'yung ganun na maliliit na bata, may ibang bagay nga na humahalili.

¹⁸⁰ Kung ang isang tao ay di sasamba sa Diyos, sasambahin at sasambahin niya ang kanyang kotse, magpupunta siya sa bahay inuman, siya—siya'y gagawa ng ibang bagay, siya'y pupuslit. Dahil, may kung anong bagay na dapat humalili sa bagay na 'yun.

¹⁸¹ Ngayon, ang ating kapatid na babae, di ko layunin na . . . na paantigin ang emosyon niya. Pero, sa hindi niya pagkakaroon ng pagkakalinga bilang ina, siyanga't, may bagay na humalili dun. At 'yung kaawa-awa't munting bata ang nagdurusa, sa umagang ito, dahil sa lubhang pagkanerbiyos; dalawang maliit na bata. Haya't nakagawa siya ng pagkakamali; maging ako rin naman, at sino bang hindi? Pero heto nga ang sinisikap kong sabihin, may Isa na tapos nang pinatawad ito. Itinaas ng babae ang kanyang kamay kanina; wala na ito. Yun nga'y nanggaling sa totoong puso, na naniniwala talaga akong nanggaling dun; masdan n'yo nga kung anong mangyayari. Maging matandang babae man siya na puti na ang buhok, mananatili pa rin 'yun. Siyanga. Pero, siya'y may pagkanerbiyos.

¹⁸² Walang gamot sa mundo ang makatutulong sa nerbiyos. Uminom ka man ng gamot, para pakalmahin ang nerbiyos, gagawin ka pa nitong mas dobleng ulit na grabe kapag nawala na ang bisa nito.

¹⁸³ Walang remedyo sa pagkanerbiyos, pero ako'y nagagalak na may lunas. Alam n'yo, maging ako ay dumanas, din nun. May lunas po talaga, di lang basta remedyo; talagang lunas, dobleng lunas pa nga!

¹⁸⁴ Sa pangangaral ko kahapon, sa radyo: *Ang Pagkakamali Sa Pagkaligtas*. Ang mga mangangaral ay bumira pero tumigil na lang bigla, kagaya ni Joas. Ang dapat sana'y bumira pa siya nang husto.

Pero, tingnan n'yo, kapatid kong lalaki, kapatid na babae. Ang lunas ay si Cristo.

185 O, hayaan n'yong sabihin ko ito, sa pulpitong ito, sa likod ng munting lumang kahon na itinayo rito; haya't sa kabila ng pagiging ganito lang nito ay isa itong banal na dako gaya ng iba pang pulpito para sa Ebanghelyo. Ito'y inihandog sa Diyos. Tayo po'y mahihirap lamang. Wala man itong pabalat na ginto sa ibabaw, pero ang Espiritu Santo'y naparito at gumawa ng maraming dakilang mga bagay sa atin.

186 Kapatid kong babae, iha, pagpalain ng Diyos ang mumunti mong puso. Bilang isa kang nanay, at bilang isa kang anak, kung tatanggapin mo itong sinasabi sa iyo ni Kapatid na Bill dito . . . o sinasabi sa iyo ngayon, sinisigurado ko sa iyo, iha, na lalabas ka rito, na pinabuti na ang lagay.

187 Ngayon, nung itaas mo ang iyong kamay kanina, nung oras ding 'yun ay tinanggap mo si Cristo. Gusto ko, pansumandali, gusto kong lumapit ka rito. At mapapatunayan ko sa iyo, na sa pamamagitan . . . Ikaw, ikaw mismo ang humusga. Sa biyaya ng Diyos, at Espiritu Santo na nakatayo rito mismo, magagawa kong lumisan 'yan sa iyo. Siyanga. Hindi ko pa ito nakikita na nabigo kahit kailan. Pero ito nga'y babalik sa iyo sa paglabas mo rito, kita mo, kung itutulot mong bumalik. Pero kung di mo tatanggapin ang pagbalik nito, kahit ano pang nararamdaman mo; haya't lumakad ka na sinasabi, "Pinagaling na talaga ako ni Jesus Cristo."

188 Kita mo, ang laki nga ng ibinagsak mo, Ora May, mula *rito*, nung dati-rati napakasaya mo at nagbibisikleta ka rito, at taas-baba rito sa kalsada rito. Napakasaya mo noon. Wala pa 'yang nararamdaman mo ngayon noon, diba? Kita mo? Ngayon haya't bumagsak ka *rito*, dahil wala ka ngang mapanghawakan, iha. Bumagsak ka *rito*. Pero ngayon kinakailangan mong maniwala na *narito* ka sa itaas, at sampalatayanan talaga 'yan. "At ang pananampalataya na walang gawa ay patay." Kung ikaw nga'y sasampalataya, na kikilos ka na parang narito ka talaga sa taas dito, ay hayon ngang ang Diyos ay itataas ka muli riyan.

189 Nariyan ngang nakaupo ang Tiya Meda mo sa likod. May ganoon din siya. Nagkaroon din ako n'yan. Alam ko mismo kung ano 'yan, pero ang Diyos ang lunas.

Sasampalatayanan mo ba ito, sa umagang ito, Ora May?

190 Gusto kong lumapit ka rito. Kung mayroon pa sa inyo, na may sakit, na nais mapahiran. Sige po.

Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali.

191 Iglesya, lahat kayo'y nakakakilala kay Curtis. Kilala n'yo si Ora May. Kung titingnan n'yo si Ora May, talagang makikita n'yo na may kung anong nangyari talaga. Siya'y balisa't tila talunan ang pakiramdam. Ora May, ito na ang panahon ng pag-aayos.

192 Gusto kitang tanungin ng isang bagay. Maraming beses, Ora May, na sinabi mo, "Kung may masusumpungan lang ako na

dako kung saan makakapag pasimula ako. Kung magagawa ko lang na magpasimula sa oras na ito't maging mabuti na ang pakiramdam, naniniwala akong magagawa kong hilain palabas ang sarili ko rito." Kita mo, ganoon nga, hindi ba? Buweno, nandito ka na sa dakong 'yan ngayon, Ora May. Nandito ka nga mismo sa pinaka mainam na dako sa buong mundo, sa may altar, kung saan narito ang tanging Isa sa buong mundo na makatutulong sa iyo, na tutulong sa iyo, ang Diyos.

¹⁹³ Hinihiling ko sa inyo na iyuko n'yo ang inyong ulo, bawat isa, samahan ako sa pananalangin.

¹⁹⁴ Minamahal na Makalangit na Ama, habang ang kaawa-awang munting binibining ito . . . Napakabilis talaga ng buhay. Ngayon siya'y isang batang-batang nanay na. Batid ko po, na kanina, nung kanyang itaas ang kanyang kamay, bawat isang pagkakasala niya'y iwinaksi na. Diyos, ang Biblia Mo ang saksi rito. Iyong sinalita Ito sa Langit, na, "Ang manampalataya, ay makatatanggap."

¹⁹⁵ Ngayon, siya'y bumabata sa napakatinding pakikibaka sa hinaharap niya, Panginoon. At isinadlak siya ni Satanas sa ganoon, sa dakong ganoon, at kinuha ang maliliit niyang anak sa kanya, at inilagay siya sa institusyon para sa mga baliw, para iuntog ang kanyang ulo sa pader. Pero mangyaring siya'y pumarito sa tamang dako, ngayong araw na ito, sa may altar. Siya'y pumarito sa bahay ng buhay na Diyos. Nakatayo siya rito, kagaya nga nito, na mag-isa, sa may altar, pero di siya nag-iisa. Ang mga Anghel ng Diyos ay nakakampamento sa palibot. Ang Espiritu Santo ay nasa malapit, din. At siya'y saksi sa maraming pangyayari na naganap, at napagkikilala na Ikaw nga ay Diyos. At dalangin ko 'yun, nang buong puso ko, buong kaluluwa ko, na, sa araw na ito, na Iyo pong tutulungan si Ora May.

¹⁹⁶ Ngayon, Ama, kinukuha ko rito sa may altar, na ipinatong dito sa dakong banal na ito sa lilim ng Espiritu Santo . . . Ang tawag dito'y langis ng olibo, o pampahid na langis, pahid ng langis. Ito'y ayon sa Iyong tagubilin, langis na mula sa bungang olibo ng sanga. At ngayon sa akin pong paglapit para pahiran ang aking kapatid na babae ng langis na ito, Iyong sinabi, "Ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa maysakit." Pagkatapos na maipangaral ang Ebanghelyo . . .

¹⁹⁷ Yamang may kabatiran na ang dakilang gawain na ito ay paparating, ang Iyo pong kalooban ang sadyang masunod, dito sa Indianapolis, kung saan marami ang may pagkanerbiyos, ang bingi, pipi, bulag, at lahat na, na tatayo roon. Pero di kami natatakot maski katiting. Iyo kasing sinalita ito, bago pa man magpasimula ang mundo. May hipo kami ng Langit, sa dakong 'yun, na nagsasabi sa amin na ito'y Katotohanan. Kami nga'y susulong para hamunin ang diyablo. Ang mga tao namin ay nasa

panganib, gaya noon ni Lot, sa pangangaral sa umaga na ito, at si Abraham nga'y pinuntahan siya.

¹⁹⁸ Satanas, kami nga'y tutugis sa iyo, sa umagang ito. Ang kaawa-awa't, munting abang kapatid na babae'y nasa ligalig, at kami nga'y tutugis sa iyo. Nang may langis na pamahid, at ng bautismo ng Espiritu Santo, nang may Makalangit na Salita ng Diyos, at Ebanghelyo, kami'y sumusulong para patungan siya ng mga kamay, sa Pangalan ni Jesus Cristo. At pinalalayas ka namin sa kanya. Sinabi ni Jesus, "Magsisulong," at hindi mabibigo; sabi, "Sa Aking Pangalan ay magpapalabas sila ng mga diyablo." At ikaw ang diyablo. Sa pagsunod sa Kanyang atas, amin kang pinalalayas mula rito, sa munting. . . kami nga'y namamagitan ngayon, na mistulang aba. Ang Dugo ni Jesus Cristo ang naglinis na sa kanya mula sa lahat ng sala. Sa araw na ito siya'y naging dalisay at banal sa paningin ng Diyos, sa pamamagitan ng pagpapahayag niya ng kanyang kasalanan, sa pamamagitan ng puspusang paglilinis ng Ebanghelyo. Amin ngang pinalalayas, ang pagkanerbiyos na ito. Oh, siyanga, iyo ngayong hinahalina, pero di mo siya masasaling. Nagsusumamo kami sa Dugo na namamagitan sa kanya at sa bagay na ito. Ang mga ito'y tumatayong tagapamagitan. At ngayon lisanin mo na ang binibining ito. Palayain mo siya. At mula sa araw na ito, siya nawa'y magkaroon na ng pananabik. Para dun sa mga maliliit na sanggol na nakahiga roon.

¹⁹⁹ Para sa, asawang lalaki naman, nawa'y siya'y dumulog din at maging Cristiano. Nawa ang lahat ng kanya, at balang araw sa Kaluwalhatian, ang dakilang bilog ng kanyang pamilya ay di mapatid sa ibayong 'yun. Nawa'y ang nanay niya, tatay niya, lahat ng kanya, bawat isa, ay maparoon sa Dakong 'yun. Oh Diyos, Iyo pong ipagkaloob ito.

²⁰⁰ Nawa'y maging malaya na siya sa oras na ito. Amin pong pinalalaya siya, sa pamamagitan ng sakdal na pag-ibig, at ito'y aming pinag-uutos sa pamamagitan ng Biblia; at sa kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo; sa pamamagitan ng Kanyang Dugo at Espiritu Santo. Amin pong dinadala siya sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

²⁰¹ Sige, humayo ka na. Babalik na sa normal ang lahat ng mga bagay. Maayos na ba ang pakiramdam mo ngayon? Hindi ka na pinasasakit pa; mainam na ang pakiramdam mo ngayon.

²⁰² [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . magiging gaya na nito sa lahat ng pagkakataon, magiging mainam na. Siyanga. Amen. Tapos na ito ngayon, kapatid. Pinabubuti na ba ang kalagayan mo? Ngayon puwede ka nang makalabas, lumabas, maging si Ora May uli, haya't, isang bagong Ora May na, isang masayang binibini kay Cristo. Nawa'y ang lahat ng 'yun ay pumaram na. Bumalik ka rito, nang mga isang taon mula ngayon, loobin ng Diyos; magpunta ka, sabihin, "Kapatid na Branham, naaalala

mo ba 'yung umaga na ipinanalangin mo ako rito sa may altar? Dun mismo'y umayos na ang lahat." Pagpalain ka ng Diyos. Purihin ang Panginoon.

Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon.

²⁰³ Makalangit naming Ama, sa pagtalima sa atas ng aming Panginoon at Tagapagligtas, na si Jesus Cristo, amin Ka ngang iniibig ngayon, nang may dalisay, banal, na di nahaluang pag-ibig. At nawa ang Iyong kabutihan at habag ay lumagak sa bawat isa sa amin at lahat. Ika'y aming pinasasalamatan sa mga bagong nakadalo sa aming pintuan. At dalangin namin na Iyong pagpapalain ang bawat isa sa kanila.

²⁰⁴ Iyo pong pagpalain ang aming minamahal na kalugod-lugod na pastor, ang aming Kapatid na Neville, na nakatayo kasama namin sa renda ng Ebanghelyo; nang di nakapamatok sa sanlibutan, bagkus narerendahan kay Cristo; suot-suot ang buong renda ng Diyos, hatak-hatak ang lumang Ebanghelyong karwahe, sa likuran, napapatungan ng pamatok nang sama-sama bilang kapwa mamamayan at lingkod ng Diyos.

²⁰⁵ Iyo pong pagpalain ang lahat ng mga diyakono, ang tagapangasiwa, ang taga-ingat ng pera, ang bawat isa na may mga katungkulan, lahat ng mga miyembro, ang kawan, ang mga bisita. Diyos, mayroon pong parating na pagtitipon sa may Indianapolis. Diyos, ako po'y di karapat-dapat na mapagpala, pero Iyo lamang pong pagpalain ang mga tao, sa pamamagitan ng pangangaral ng Salita! Di nga kataka-taka na daan-daan ang magsisitayo.

²⁰⁶ Amin ding pinapahiran ang binibining ito rito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyo siyang tutulungan at aalisin ang ligalig sa kanya, habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ngayon po, Makalangit na Ama, Iyo pong ipagkaloob na ang Iyong awa ay maipaabot sa kanya, sa Pangalan ni Cristo.

²⁰⁷ Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, iniisip ko nga kung mayroon dito ngayon na—na nagnanais makalapit sa may altar, nagnanais na dumulog at lumuhod para sa Pagdulog na pananalangin, na tinanggap na si Cristo, o pakiramdam nila'y gusto n'yong manalangin pa nang kaunti matapos bumisita ang Espiritu Santo rito. Hindi po ba't napaka inam ng pakiramdam n'yo sa bagay na ito? Di po ba't napaka inam sa pakiramdam?

Pumarito po kayo, Kapatid na Neville.

²⁰⁸ Ilan po ang nagnanais magtaas ng inyong kamay, sasabihin, "Nagnanais akong makalapit sa altar para sa kahit kaunti pang pananalangin." Itaas n'yo lang ang inyong kamay, sabihin, "Hangad kong malinis pa ako nang puspusan, nang kaunti pa." Oh, pagpalain ka ng Diyos. Sige.

²⁰⁹ Ngayon, hayan nga, ang ating Kapatid na Neville, sa tingin ko, nakikita ko siya sa lahat ng kanyang paglakad, siya nga'y isang totoong tao. Ganoon na ganoon lagi ang pagkakita ko sa kanya araw-araw. Ang pakikipagbaka man ay nagiging madali o nagiging mahirap, si Kapatid na Neville ay nananatiling siya pa rin. Pinasasalamat ko ang Diyos dahil diyan. Di kayang gawin ni Kapatid na Neville 'yan sa sarili niya; kinakailangan Diyos ang gagawa nito. At ikinagagalak ko nga na ang kawan ng mga tupa rito ay may pastol na gaya ni Kapatid na Neville. Dalangin ko na ang Espiritu Santo'y tulongan siya't pagpalain siya. Minamahal ko siya. At minamahal ko ang Kanyang mga tao. At lahat kayo'y minamahal namin, at idinadalangin namin na pagpalain kayo ng Diyos.

²¹⁰ Hayan nga't ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo uli, hinihiling ko na sa mga nagnanais na maipanalangin, at nagnanais lumuhod at puspusing malinis ang kanilang sarili, lumapit lang po nang may pagpapakumbaba sa may altar.

²¹¹ Ngayon, Kapatid na Neville, maghandog ka ng panalangin para sa kanila, kung mamarapatin mo. Gusto kong maisama kayo rito. Bawat isa'y manalangin.

[Sinimulang manalangin ni Kapatid na Neville—Pat.]

Lumapit lang po sa may al- . . .



KASAKDALAN TAG56-0610
(Perfection)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hunyo 10, 1956 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org